

Ang Mas Nakikitang Muhon ng Kontemporaryong Panitikan
ng Kanlurang Visayas sa Mapa ng Pambansang Pampanitikan
Bilang Produkto ng Literary Engineering ni Leoncio P. Deriada:
Pakikipanayam sa Apat na Manlilikha ng Kanlurang Visayas /

*The More Visible Foundation of Western Visayas Contemporary
Literature on the Map of National Literature as a Product of
Literary Engineering by Leoncio P. Deriada: Interview with Four
Writers of Western Visayas*

Ferdinand P. Jarin
UP Visayas
fpjarin@up.edu.ph

Ang pag-aaral ay tungkol sa buhay, pag-aakda, at kultural na produksiyon ng itinuturing na Ama ng Kontemporaryong Panitikan ng Kanlurang Visayas na si Leoncio P. Deriada. Napakahalaga ng naging papel ni Deriada upang mamayagpag ang kontemporaryong panitikan ng Kanlurang Visayas lalo pa ang pagsusulat at pagpapakilala ng mga wikang Hiligaynon, Kinaray-a, at Aklanon bilang mga wika ng pambansang panitikan. Ang mga antolohiyang binuo ni Deriada ang kongkretisasyon ng konsepto niya ng panitikan ng rehiyon, o ang panitikan mula sa mga banwa ng Kanlurang Visayas, bilang panitikan ng bansa. Nais tugunan ng pag-aaral ang hamon ng kritiko at pambansang alagad ng sining na si Bienvenido Lumbera na lumikha ng talambuhay ng mga alagad ng sining ng rehiyon bilang isa sa mga gawaing magpupuno sa puwang sa pagdurugtong at pagsasanib ng panitikan ng rehiyon bilang panitikang pambansa. Kung paanong ang pag-aaral sa buhay at pag-aakda ni Deriada ay magpapatibay rin sa argumento na ang panitikan ng bansa ay marami, hindi iisa, walang sentro, dahil lahat ng rehiyon ay sentro ng panitikang pambansa. Gayundin, layunin ding ipakilala si Deriada bilang intelektuwal ng panahong post-kolonyal na nagsulong ng bernakular na panitikan ng rehiyon tungo sa isang dekolonisadong panitikan at pag-aakda para sa mga bagong henerasyon ng manunulat ng Kanlurang Visayas. Kaya naging layunin ng pag-aaral na maipakilala si Leoncio P. Deriada bilang manunulat, manggagawang pangkultura, at persona mula sa pagkakakilala ng apat na manunulat ng Kanlurang Visayas na naging malapit sa kaniya bilang anak, anak sa panulat, mga nagabayan niya sa pagmamapa ng sarili bilang mga manunulat at kritiko, at kapuwa guro at manunulat noong siya'y nabubuhay pa. Mga manlilikhang naging kongkretong produkto ng literary engineering na ikinasa ni Deriada sa Kanlurang Visayas. Magreresulta ang pag-aaral ng

isang intellectual biography na magtatanghal kay Deriada bilang isang epektibo at pangunahing tagapagtaguyod ng panitikang rehiyonal bilang panitikan ng buong bansa.

Mga Susing Salita: *Literary Engineering, Kanlurang Visayas, Panitikang Rehiyonal, Panitikang Pambansa, Visayan-laced Filipino.*

The study will be about the life, writing, and cultural production of the considered Father of Contemporary Literature of Western Visayas, Leoncio P. Deriada. Deriada played a very important role in popularizing the contemporary literature of Western Visayas, especially writing and introducing the Hiligaynon, Kinaray-a, and Aklanon languages as the languages of national literature. The anthologies created by Deriada are the concretization of his concept of the literature of the region, or the literature from the towns of Western Visayas, as the literature of the country. The study addresses the challenge of the critic and national artist Bienvenido Lumera to create a biography of the artists of the region as one of the works that will fill the gap in connecting and integrating the literature of the region as national literature. Just as the study of Deriada's life and writings will also strengthen the argument that the literature of the country is many, not one, without a center, because all regions are centers of national literature. Also, the aim is to introduce Deriada as an intellectual of the post-colonial era who promoted the vernacular literature of the region towards a decolonized literature and writing for the new generation of Western Visayas writers. Therefore, the purpose of the study is to introduce Leoncio P. Deriada as a writer, cultural worker, and person from the acquaintance of four writers of Western Visayas who became close to him as a daughter, writing-protege, those he guided mapping themselves as writers and critics, and fellow-teachers and writers during his lifetime. Creators who became concrete products of the literary engineering that Deriada brought to Western Visayas. The study will result in an intellectual biography that will present Deriada as an effective and major proponent of regional literature as the literature of the entire country.

Keywords: *Literary Engineering, National Literature, Regional Literature, Visayan-laced Filipino, Western Visayas*

PANIMULA

Si Leoncio P. Deriada ang itinuturing na Ama ng Kontemporaryong Panitikan ng Kanlurang Visayas. Napakahalaga ng naging papel ni Deriada upang mamayagpag ang kontemporaryong panitikan ng Kanlurang Visayas lalo pa ang pagpapakilala ng mga wikang Hiligaynon, Kinaray-a, at Aklanon, bukod sa Filipino at Ingles (Cruz 1–2) bilang mga wika ng pambansang panitikan. Ang mga antolohiyang binuo ni Deriada (noong ito ay nabubuhay pa) ang materyal na katumbas ng konsepto niya ng rehiyon at ng panitikan (2).

Ang taguri at sinasabing ambag na ito ni Deriada ang nagsilbing mga muhon ng interes ng mananaliksik upang pag-aralan ang naging buhay at mga akda ni

Deriada bilang susog sa adbokasiya ng pagtatanghal sa kongkretisasyon ng rehiyonal na panitikan bilang pambansang panitikan alinsunod sa teorya ni Beinvenido Lumera na ang panitikan ng rehiyon ang salalayan ng isang pambansang panitikan.

Ang panitikang likha ng lipunang (Pilipinas) iyan ay marami, hindi isa, dahil nahahati ang teritoryo sa iba't ibang rehiyon...Mula sa kalipunan ng mga panitikang rehiyonal, may mga akdang matutukoy bilang mga akdang may “pambansang” tatak. (Lumera 158–159)

Isang puwang na dapat punan upang maitanghal ang rehiyonal na panitikan bilang salalayan ng pagkokongkretisa sa pambansang panitikan ay ang pagpapakilala sa mga manunulat ng rehiyon—at sa pag-aaral na ito ay ang pagpapakilala kay Deriada bilang kontemporaryong padron ng panitikan

ng Kanlurang Visayas. Dahil ang rehiyonal na manlilikhang tulad ni Deriada ay tuwirang umugnay sa mga realidad ng kaniyang rehiyon. Ito ang batayang daigdig ng manlilikha dahil ang pagiging “pambansa” niya ay tumuntong sa mga katangiang “panrehiyon” tungo sa mas higit na malawak na daigdig sa labas ng rehiyon (Lumbera 164).

Narapat ding ipakilala si Deriada bilang intelektuwal ng panahong post-kolonyal. Sandigang pader para rito ang katwirang produkto rin ang intelektuwalisasyon ni Deriada ng sinasabing paglaganap ng mga kaisipang formalismo, abstraksiyon, bernakularismo, etnisidad, at rebolusyon na lumaganap sa bansa sa pagitan ng dekada '50 hanggang '60 (Veric 5). Na kung hindi nagkaroon ang bansa ng mga naturang intelektuwal ay hindi natin lubos na makikilala ang modernong kahulugan ng kulturang Pilipino matapos ang panahong kolonyal (6). Patunay ang pagsusulong ni Deriada ng multilingguwal na panitikan bilang salalayan ng mga akdang nakasulat sa mga bernakular na wika ng Kanlurang Visayas sa kaniyang pagsusulong din ng isang dekolonisadong kaisipan para sa mga bagong henerasyon ng mga manunulat sa Kanlurang Visayas. Gawain itong mas nagtataguyod ng isang makabanwa at makabansang pampanitikan sa panahong post-kolonyal.

Ipinanganak ang manunulat na si Leoncio P. Deriada noong Enero 13, 1938 sa San Antonio, Barotac Viejo sa probinsiya ng Iloilo. Pang-anim siyang anak mula sa pitong magkakapatid nina Amando D. Deriada at Candida D. Pedronio. Noong taong 1948 matapos ang digmaan, lumikas ang buong pamilya niya upang manirahan sa Davao kung saan niya ginugol ang kaniyang kabataan bilang magsasaka sa isang plantasyon ng Abaca sa Ventura, Calinan na isang bayan sa Davao. Limang eskuwelahan ang pinasukan ng batang si Leoncio bago makapagtapos ng elementarya sa Santa Ana Elementary School sa Davao City noong 1951. Nagpatuloy siya ng sekondaryang pag-aaral sa Davao City High School at nagtapos ng kolehiyo sa Ateneo De Davao noong 1959 sa kursong AB English na nagbigay ng gawad sa kaniya bilang *cum laude* at balediktoryan ng klase. Nakamit ni Deriada ang kaniyang Masteradong digri mula sa pag-aaral sa Xavier University at naging pinakaunang nagtapos ng Doktoradong digri sa katatatag noong programang PhD in English and Literature ng Silliman University sa lungsod ng Dumaguete habang Tagapangulo ng English Department ng nasabing unibersidad.

Napangasawa ni Deriada ang librarian at guro sa wikang Espanyol (na nakilala niya sa Assumption College sa Nabunturan, Davao kung saan siya unang nagturo bilang guro) na si Leticia C. Valasote. Makalipas ang isang dekada bilang guro sa Silliman University, nilisan ng mag-anak na Deriada (kasama na ng mag-asawa ang kanilang dalawang anak na sina Dino Enrique at Dulce Maria) ang Dumaguete para bumalik sa Iloilo at magturo sa Division of Humanities ng Unibersidad ng Pilipinas–Visayas hanggang siya’y magretiro at magsilbing Professor Emeritus ng nasabing unibersidad hanggang sa kaniyang pagyao noong ika-3 ng Abril, 2019.

Nagsulat si Deriada sa mga wikang Ingles, Filipino, Hiligaynon, Kinaray-a, at Cebuano. Naging editor ng maraming antolohiyang kinatatampukan ng mga akdang pampanitikan ng Kanlurang Visayas sa magasing *HomeLife*. Ang mga akda ni Deriada ay nailimbag mula rehiyonal hanggang pambansang magasin at journals. Bukod dito, hindi matatawaran ang kaniyang mga nailimbag na libro: *The Road to Mawab and Other Stories*, 1984; *The Dog Eaters*, 1986; *Night Mares*, 1988; *The Week of the Whales*, 1995 (lahat ay mula sa New Day Publishers); *Little Lessons*, *Little Lectures*, 2001; *Little Workshops*, *Little Critiques*, 2003; *People on Guerrero Street*, 2004; *People on Claveria Street*, 2015 (lahat ay mula sa Seguiban Printers and Publishing House); at ang *Praktikal Hiligaynon at Eerie*, 2016 (na mula naman sa Kasingkasing Press).

Ang pagiging kuwentista ni Leoncio P. Deriada ay kakatawanin ng kaniyang pagiging manunulat at mandudula. Ang kaniyang pagiging kritiko ay kakatawanin naman ng kaniyang mga sanaysay ukol sa pagsusulong ng isang tiyak na panitikan sa Kanlurang Visayas. Ang kongkretisasyon ng pagsusulong na ito ay kakatawanin ng pagiging inhinyero ni Deriada sa usapin ng rehiyonal na panitikan.

Itinampok ng kaniyang papel na “Literature Engineering in West Visayas” noong 2011 ang malay niyang pagsasagawa ng literary engineering sa Kanlurang Visayas sa panahong naganap din ang Rebolusyong EDSA ng 1986. Panandang bato sa panahong ito ang aniya’y pag-usbong ng mga bagong akda at manunulat na nagsulat gamit ang mga wikang Kinaray-a, Aklanon, at ang tinatawag niyang “Visayan-influenced Filipino.” Sa praxis na ito ay tinanghal niya ang tatlong naging muhon ng literature engineering na kaniyang ginawa: ang resureksiyon ng panulat at

mga manunulat na Kinaray-a, ang liberasyon mula sa kawalan ng panitikan ng mga manunulat na Aklanon, at ang mas kalkuladong disenyo ng paglalahok ng katutubong wika sa wikang pambansa sa pagsusulat ng panitikan na tatawagin niyang “Visayan-laced Filipino.” Ang manunulat para kay Deriada ay isa ring manggagawang pangkultura. At sa kaniyang personal na danas, ang pagiging manggagawang kultura ay dapat ring inhinyero ng mga tunguhin at kumpas ng isang kontemporaryong panitikan. Aniya pa:

Ang pag-usbong ng mga bagong pag-aakda sa Kanlurang Visayas—mga akda sa Kiniray-a, Aklanon, at pagsusulat gamit ang Visayan-influenced (o -laced) Filipino ay nagbunga ng tatlong lokalidad ng panitikan sa rehiyon. Ang pagsanib ng tatlong ito sa mga nauna nang establisadong panulat sa wikang Hiligaynon at Ingles ay maglalagay sa panitikan ng kanlurang Visayas sa mas nakikitang muhon kaugnay sa pagmamapa ng panitikang pambansa ng isang mas mayaman, bagamat hiwa-hiwalay, ay mas nagbibigay-kahulugan naman sa pagkabansa. (Deriada 88 / akin ang salin)

Ang deklarasyon na ito ni Deriada ay pagsasakongkreto ng kaniyang disenyo at organisasyon bilang inhinyero ng panitikan sa Kanlurang Visayas. Hindi rin hiwalay ang kaniyang bisyon para sa isang panitikang pambansa. Malinaw na inihahayag niya, gaya ni Lumbera, na bagama’t dapat panatilihin ang natatanging identidad ng kulturang panrehiyon, dapat rin itong ikawing sa danas at tunguhin ng isang bansa. Na nangangarap siya ng adbokasiya ng isang kinikilalang panitikan ng rehiyon na hindi sumususo sa mga prehuwisyo ng tinatawag na sentro kundi ang pag-oorganisa ng mga dati nang panitikan at pagpapausbong ng mga bago mula sa mga sulok ng rehiyon.

Sa isang panayam ng makata sa wikang Ingles na si Ricardo De Ungria kay Deriada (De Ungria 51) dalawang taon bago yumao ang dakilang manunulat, ipagtatapat ni Deriada na ang sigasig niya para isulong ang panitikan ng Kanlurang Visayas ay mauunang maitulak ng pagnanais niyang mahilom ang lungkot mula sa pagpanaw ng mahal na asawa noong 1990. Wika niya’y kailangan niya kasing maging abala upang di madama ang lumbay. Naging okasyon ito upang maibigay niya sa mga manunulat ng rehiyon ang kaniyang talino at lakas sa pamamagitan ng pagiging

manggagawang pangkultura para magtaguyod ng mga palihan ng pagsulat sa kabuuan ng Isla ng Panay at tuklasin at linangin ang mga natatanging panitikan ng mga probinsiyang ito (Iloilo, Antique, at Aklan).

Bilang manunulat, hindi lamang naging eksklusibong manlilikha ng mga akda si Deriada para sa Kanlurang Visayas. Ang katotohanan, ang malaking bahagi ng kaniyang mga kuwento at drama ay mga repleksiyon ng kaniyang naging buhay bilang settler ng Davao. Nagsulat din siya kung gayon para sa Mindanao, ayon sa naging estudyante din ni Deriada sa pagsusulat na si Karl Antonio G. David sa kaniyang sanaysay na “In Memoriam: Leoncio Deriada.” Ipinamamalas ni Deriada sa kaniyang mga akda ang pagkakawatak-watak ng realidad ng buhay ng isang tao tulad ng sa Mindanao. Na hindi lamang inilalarawan ng mga akda ni Deriada ang mga realidad ng isang post-war Mindanao kundi maging ang mga maligalig na katotohanan ng rural isolation, ang kawalang pag-asa ng mga tao hanggang sa mga seksuwal na pagnanasa bilang kahalili ng pag-asa o pampuno sa kawalan nito (1).

Isusuma naman ng kritikong si Isidoro M. Cruz ang ambag ni Deriada sa kaniyang librong *Pungsod: Damming the Nation*: “Personal, metodolohikal, at institusyunal ang naging kumpas ng literary engineering ni Deriada sa pagsusulong niya ng kanyang pilosopiya sa usapin ng pambansang panitikan gamit ang kanyang posisyon bilang propesor ng literatura at tagapag-ugnay ng Cultural Center of the Philippines at ng National Commission for Culture in the Arts (149/akin ang salin).

Sa kabuuan ng propesyon ni Deriada bilang multilingguwal at multi-genre na manunulat at bilang tagapagtaguyod ng panitikan ng rehiyon, naani na niya ang halos lahat ng pinakamayor at importanteng pambansang gawad pampanitikan tulad ng pagiging Hall of Famer noong 2001 ng pinakaprestihiyosong gawad pampanitikan sa bansa, ang Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature. Naigawad din sa kaniya ang Gawad CCP para sa Sining (Panitikan) noong 2015, ang Kampeon ng Wika mula sa Komisyon ng Wikang Filipino noong 2014, at ang Gawad Pambansang Alagad ni Balagtas ng Unyon ng Manunulat sa Pilipinas (UMPIL) noong taong 2000. Ang kaniyang librong *People on Guerrero Street* ay nagwagi bilang pinakamahusay na nobela sa wikang Ingles noong 2004 mula sa Manila Critics Circle.

Sa paglalandas ni Leoncio P. Deriada bilang manunulat ng rehiyon at inhinyero ng kontemporaryong panitikan ng Kanlurang Visayas, ang mga kalyeng nagbubuklod at nagdurugtong sa panitikan ng banwa (rehiyon) at ng bansa (Lumbera 162) ay mga kalyeng itinataguyod pa rin ng mga manunulat ng Kanlurang Visayas kaya patuloy pa ring buhay, hindi namamatay.

Dahil nakaangkla ang pananaliksik sa hulma ng isang intellectual biography, maitatanghal ang naratibo ng buhay ng nasabing manunulat labas sa estrukturang kronolohikal at mas pauunlarin ng mga motibo at paniniwala ni Deriada sa mundo ng ideya, lipunan, at pag-aakda. Unang naging hakbang ng mananaliksik ang pagsulat sa mga partikular na tanong na bumatay sa partikular ding katangian ng relasyon ng bawat isa sa apat na manunulat/manlilikha na kapapanayamin. Kaya ang apat na set of questions na naisagawa ay tumitiyak din sa mas malinaw na kategorisasyon ng mga resource person: Kay Dr. Isidoro Cruz bilang pangunahing kritiko ng West Visayas ang mga tanong ukol sa pag-aantolohiya at politicalization ni Deriada sa West Visayan literature at writers. Ang mga tanong naman ukol sa pagiging ama, guro, ama sa panulat ni Leoncio Deriada ay inilaan para sa kaniyang anak na si Prop. Dulce Maria Deriada. Kay Dr. John Iremil Teodoro naman ang mga tanong ukol sa impluwensiya ni Deriada sa kaniyang poetics at pagmamapa ng sarili at ng kaniyang mga akda sa loob at labas ng Western Visayas bilang estudyante at anak sa panulat. Gayundin ang mga tanong na tungkol sa multi-lingualism at Visayan-laced Filipino na isinulong ni Deriada sa rehiyon. Ang mga tanong naman ukol sa pagiging produkto ng literary engineering ni Deriada lalo na ang pagsusulat sa katutubong wika, maging ang estilo ng naratibo at pamimili ng paksa bilang manunulat ay inilaan kay Prop. Alice Tan-Gonzales bilang kapuwa manunulat at colleague noon ni Deriada sa Division of Humanities ng UP Visayas.

Pakikipanayam kay Dr. Isidoro M. Cruz

Si Dr. Isidoro M. Cruz ay nagtapos ng Ph.D sa Literatura sa De La Salle University. Ang kaniyang mga librong *Pungsod: Damming the Nation: Region/Nation and the Global Order in Contemporary West Visayan Literature* at *Cultural Fictions: Narratives on Philippine Popular Culture, Politics, and Literature* ay pawang nagwagi ng National Book Awards para sa Literary Criticism/Literary History mula sa Manila Critics Circle. Nagawaran na siya ng Gawad Palanca

at Philippine Panorama Literary Contest para sa Poetry at Short Story. Siya ay propesor sa University of Saint Agustin sa Iloilo at Professorial Lecturer sa Division of Humanities ng UP Visayas. Naging kalihim si Dr. Cruz ng National Committee on Literary Arts ng National Commission for Culture and the Arts mula sa taong 2014 hanggang 2019. Ang pakikipanayam kay Dr. Cruz ay tumuon sa naging sitwasyon ng panitikan ng Kanlurang Visayas sa panahon ni Deriada at ang naging pagtitipon at pag-oorganisa ng huli sa mga manunulat ng Kanlurang Visayas gayundin ang magkaibang pagturing ni Deriada sa Filipino at Tagalog bilang katutubong wika at ang kaniyang pagsusulong ng isang multilingguwal na panitikan. Nailahad din sa panayam ang naging impluwensiya ni Deriada kay Dr. Cruz upang maikumpas ang kaniyang panulat sa panitikan at kritisismo tungo sa pagtataguyod ng panitikang rehiyonal. Naganap ang panayam sa pagitan ng mananaliksik (FPJ) at ni Dr. Cruz (IMC) noong Abril 19, 2022 gamit ang Zoom Video Conference application.

FPJ: *Anong uri ng panitikan o literary set-up meron ang West Visayas bago pa baguhin ito ni Leoncio Deriada?*

IMC: Mababakas mo sa sinabi ni Sir Leo (bago pa ang kaniyang literature engineering) na walang masyadong contemporary writing sa regional languages. Pero 'yong Hiligaynon buhay na buhay 'yan kasi may dalawang magazine para dito noon: *Yuhum* at *Hiligaynon* magazine. Buhay ang publication para sa wikang Hiligaynon. 'Yung contemporary writing sa Kinaray-a at Aklanon ang mas nagbenefit kay Sir Leo. Ito naman ang claim n'ya. Di s'ya nagclaim regarding Hiligaynon writing pero napasulat niya ang mga English writer ng rehiyon sa Hiligaynon at iba pang regional languages, parang si Ma'am Alice. 'Yun ang Maganda doon. Impression n'ya kasi (lalo na sa Kinaray-a) na ikinahihiya ng ilang manunulat ang wika—kaya di ginagamit sa panitikan. Mas laganap ang Hiligaynon writing dahil ito ang lingua franca ng rehiyon. Mas ito ang ginagamit noon sa misa kaya lumaganap. But in terms of headcount, sabi ni Deriada, noong panahon niya mas marami talagang Kinaray-a speakers.

FPJ: *Ano ang uri ng panitikan ang naipanganak sa West Visayas sa panahon ni Deriada?*

IMC: Makikita mo na ang mga writer ng West Visayas ay multilingual sa regional languages. Kasi 'yong iba halimbawa Ilocano, o English, Tagalog. Pero 'yong dito, si Genevieve (Asenjo) marunong ng Filipino, Kinaray-a, English, ganun din si John (Iremil Teodoro). Si John Barrios, Aklanon naman at Filipino. Ibig sabihin, parang sa Mindanao (Doon ko nakita sa lugar ni Christine Ortega) na mismo sa rehiyon posible na 'yung isang writer ay nakakaintindi ng higit sa isang regional language. Yun ang ikinaiba. Kunwari si Genevieve, meron s'yang akda sa Filipino, meron din s'yang akda sa Kinaray-a, meron din siyang akda sa Hiligaynon, kung minsan yata tina-translate n'ya pa e. Ibig sabihin ibang klase ang pagiging multilingual nila kasi higit sa isang regional language. Halimbawa si John at Gen, palanca award winner ang mga 'yan sa Hiligaynon.

FPJ: *Purista ba si Sir Leo?*

IMC: 'Yan ang dapat nating klaruhin. Iba ang turing niya sa Tagalog, iba ang turing niya sa Filipino. Narinig ko mismo kay Sir Leo na ipinaglaban niya noon sa Writers' Prize ng NCCA na magkaroon ng Tagalog category sa regional languages. Bale hindi niya ine-equate 'yong Tagalog sa Filipino. Posibleng purista s'ya sa Tagalog pero sa Filipino, tanggap niya 'yong regional language na ginagawang bahagi ng bokabularyo. Merong pagbabago sa term. Nung una, Visayan-based Filipino pero dahil sa lawak ng saklaw, naging Visayan-laced. Bago ko malimutan, 'yong kaniyang pagpi-Filipino, dala rin 'yan ng kaniyang pagiging editor ng *HomeLife* magazine. Meron ding mga taga-ibang rehiyon na ganun na rin magsulat ng Filipino, tapos pina-publish n'ya.

FPJ: *Hindi siya purista kahit nagpo-promote siya ng native language?*

IMC: Oo. Pero formalist s'ya. Ang malinaw sa akin, hindi niya kino-confuse ang dalawa. Kung Tagalog, Tagalog. Kung Filipino, Filipino. Saka makikita mo 'yan sa mga anthology (na editor si Deriada). Halimbawa, sa anthology na *Salaming*. Kagagawan ito ni Sir Leo. Itong *Salaming* na ito, collection ng poems ng Mirror Poetry Guild ng San Agustin. At product ito ng poetry workshop na funded ng CCP. Si Sir Leo ang mastermind. Tingnan mo ang categories: Filipino, Hiligaynon, Kinaray-a, Tagalog, English. So

merong ano, merong documentary evidence. Bawat wika, inihihwalay niya. Itinatangi niya.

FPJ: *Paano nakaapekto ang Davao upbringing ni Sir Leo sa uri ng panitikan ng West Visayas?*

IMC: Ang laking epekto n'yan. Maraming kuwento n'ya ang naka-situate sa Davao. Pero ang pinakamahalaga doon ay 'yong construct niya kung ano ang Filipino, ang model n'ya 'yong salita sa Davao. Ibig sabihin hindi theoretical unlike 'yong mga nagframe ng constitution, simply theoretical 'yong kanilang ideya ng Filipino. Sa kaniya meron s'yang practical model, e. Narinig na n'ya. Saka 'yan sinasabi n'ya, as a matter of fact, sa mga workshop, sa mga conversation na 'yon ang projection n'ya—na patungo doon sa Filipino na katulad sa Davao. Ang maganda doon hindi haka-haka o kuro-kuro ang sinasabi n'ya. Narinig na n'ya, e. Suggestion ko, kailangang may makilala kang writer from Mindanao. Kasi 'yong kanila, hindi tulad nung kay John (Teodoro) na literary inclusion ang salita. Sa kanila, ganun talaga sila magsalita. Natural. Ibig sabihin, ang idea niya (Deriada) ng Filipino hindi naka-based sa constitution. Narinig na niya. Meron siyang practical model—na ipinalaganap niya sa West Visayas. Ang isa pang magandang pag-aralan ay kung paanong ang mga katulad nina Genevieve at John Iremil Teodoro—na hindi naman native speaker ng Hiligaynon. Kung paano din nila naipapasok ang Kinaray-a words and culture sa Hiligaynon language. Napansin ko rin na merong Kinaray-a speakers na marunong mag-Hiligaynon pero 'yong mga Hiligaynon speakers merong hindi sagad mag-Kinaray-a.

FPJ: *Paano binuo o binuklod ni Deriada ang rehiyon at panitikan ng West Visayas sa kontemporaryong panahon?*

IMC: Sasagutin ko na lang 'yan kung paano ko s'ya nakilala. Di ba may tanong na ganyan? Nangyari ganito: Taga-San Agustin kami ni John. Mga 1990's or after 1986. May isang English teacher doon, ang pangalan niya, si Fabiano Manalo. S'yempre ang bitbit niyang mga libro, mga literature. Umuulan, nakasabit sya sa jeep nang makita siya ni Sir Leo. Sabi ni Sir Leo na ibigay muna ang mga libro niya kasi mababasa kasi nakasabit siya, e. Nakita ni Sir Leo na 'yong mga libro is about literature. Nagkakilala sila. Alangan namang kalungin n'ya si Fabiano, so 'yong mga libro na lang. Di ba parang magical? Nagtagpo. O di ba kung di umulan, di kinuha ang libro. Kung wala siyang libro

na bitbit—pinagtagpo talaga silang dalawa. And then, si John kasi at si Melecio Turao, mga ano 'yan e—sila 'yong founder ng Mirror Poetry Guild ng San Agustin noon. Meron ding intervention doon sa UP part. Alam mo kasi si Sir Leo nagwo-workshop kung saan-saan sa Pilipinas. Ang isang personal justification d'yan nang mamatay ang asawa niya, kailangan niyang maging busy. Kaya kung gagawa ka ng biography niya tungkol sa mga grupo ng mga writer, hindi lang isa 'yan. Meron siyang grupo sa San Agustin, meron sa UP (Visayas), may grupo siya sa Antique, maski sa Mindanao siguro nakagawa siya ng grupo. May iba't ibang grupo na nagga-gravitate sa kaniya. May time na 'yong mga grupo from San Agustin at UP ay nagkikita na. Si Sir may opisina rin sa city, e (UP Visayas—Iloilo City campus) kasi at that time direktor s'ya ng Sentro ng Wikang Filipino (UPV). Sa *Patubas* anthology, halos lahat ng writer na nailimbag doon, kilala n'ya or nakilala s'ya. Kaya maganda kung pag-aaralan talaga si Deriada, parang mas malawak kung lalabas din sa West Visayas. Kasi sa Mindanao may tinatawag na "Little Panay." Hindi lang Davao. Meron din sa South Cotabato, ganun. May part d'yan 'yong salita ng mga estudyante ay Kinaray-a. Kaya madaling ilocate si Sir doon sa...kung iiisipin mo nga, e, ngayon ko lang na-realize, baka 'yang model ng Mindanao na multilingual baka 'yan ang intuitively o deliberately na na-transplant niya rito, e. Kasi parang pareho.

FPJ: *May politicalization bang ikinasa si Sir Leo para sa pagtataguyod ng West Visayan literature at writers?*

IMC: 'Yong time kasi na 'yan—o, baka di na masyadong nararamdaman ngayon, malakas 'yong tinatawag n'yang "Imperialist Manila." Kasi ngayon kung mag-a-attend ka ng webinar, alam mong sina John at Genevieve hindi tubong-taga Manila pero hindi na issue. Dati, issue 'yan ano, e. 'Yong di malaki ang espasyo ng regional writing. Ngayon, kahit sa amin sa NCCA, matter of fact na lang na talaga namang multilingual ang Pilipinas. Dati, issue 'yang hegemony ng Filipino. Magandang isipin na napagtagumpayan ni Sir 'yong mga ipinaglaban niya. Kasi ngayon matter of fact na hindi lang English o Filipino ang legitimate languages.

FPJ: *Makalipas ang mga tuloy-tuloy na workshop ni Sir Leo, nang yumao siya, nagkaroon pa ba ng mga writing workshop sa West Visayas?*

IMC: San Agustin Writers Workshop. Tagal na. 18th year na namin ngayon. Di ko tiyak sa UP. Sa Antique meron ding dalawang grupo na may magkaibang ortograpiya ng Kinaray-a pero 'yong ibang writer doon, may pedagogical link mula kay Deriada. Ang magandang ginawa ni Sir kasi, pagkatapos niya, may humalili sa kaniya para isulong ang advocacy niya sa language. Si Sir kasi, nag-empower ng mga grupo at workshop. Nagpasimuno. Hindi kasi siya plastic. Alam na alam mong naniniwala s'ya sa ipinaglalaban niya. Saka may bayad o walang bayad, workshop lang s'ya nang workshop. May funding o walang funding. May libro si Alex Delos Santos tungkol sa Rise of Kinaray-a, basahin mo 'yan. Kasi eventually, meron 'yang link kay Sir Leo.

FPJ: *Masasabi n'yo bang malaki ang impluwensiya ni Sir Leo sa pagiging kritiko mo o pagsusulat?*

IMC: Posible 'yung mga craft part at theory sa critical writing baka nakuha ko sa iba. Pero 'yong substance ng region-nation politics na paksa ng dissertation ko, kaniyang-kaniya 'yan. Masasabi mo ngang 'yong libro (*Damming the Nation...*) tungkol sa kaniya, e. Palagay ko 'yong attention sa craft (sa pagsusulat ng poems) palagay ko may impluwensiya siya sa akin. Noong baguhan akong writer, tinawag niya ako sa sentro. Di ko alam kung gusto lang niyang malaman kung ako ang nagsulat ng kuwento. One-on-one kami sa diskusyon dito, wala naman siyang gaanong inedit tapos ipinadala niya sa Iligan Workshop. Pero ganun talaga s'ya: Iwa-one-on-one editing ka n'ya. Ginawa niya 'yan maski sa generation na nina Noel (Galon De Leon—Hubon Manunulat). Sa mga meeting ng Hubon, kino-correct niya talaga ang mga gawa ng mga writer. Teacher talaga siya. Father-Teacher. 'Yong pagiging tatay niya, hindi dahil siya ang nauna (sa pagsusulat) kundi talagang para siyang tatay. Pero hindi s'ya 'yong tatay na pagtitimplahan mo ng kape. Wala akong naisip na humingi siya ng kapalit. Tutok at naghahanap siya ng pondo para sa mga workshop. Wala akong masyado o wala talaga akong narinig na nakaaway niya rito. Meron siguro naiinggit. Saka ano naman kasi...mahirap siyang awayin. Ang laki niya at malaki ang boses, hehe. Halimbawa, sa publication ng libro sa regional language, tapos papalitan ng taga-Maynila 'yong Hiligaynon word halimbawa kasi di nito maintindihan—aawayin n'ya ito. Pupuntahan n'ya. Halimbawa, s'ya 'yong editor pero 'yong mas

mataas na editor, ipa-publish sa Manila pero ganun ang gagawin.

Si Sir Leo, hindi dapat tingnan na regional writer, period. Nationally-acclaimed writer s'ya. Saka mas magaling s'ya kesa doon sa mga English lang ang alam, Filipino lang ang alam. Kasi sa apat na languages, may Palanca award s'ya e. English, Filipino, Hiligaynon, Cebuano—sino 'yong gano'n? Saka 'yan ang modelo ng Pilipino na multicultural. Suhestiyon kasi ni Merlie Alunan, bawat isa sa atin dapat ma-learn ang regional language. Kunwari Tagalog-speaking ka, aba pinag-aaralan ang Filipino sa eskuwelahan, mag-aral ka naman ng Cebuano rather than—ang hirap kasi ini-institutionalize 'yan na 'yong taga-Iloilo, mag-aaral ng Filipino e, alam mo namang Tagalog 'yon. Pero 'yong reversed n'ya hindi ginagawa. Dapat itinuturo rin 'yan. Dapat required 'yan. Di tayo talaga unilingual.

FPJ: *Nasa level lang ba si Sir Leo ng “What interests me”? Nagpahiwatig din ba s'ya noon, kahit minsan na dapat nakikisangkot ang panulat 'Yon bang “to write is to serve” na tagline?*

IMC: Mukhang wala. Pero dahil matindi dati 'yong language politics, palaging may issue. Nakatuon doon. National issue pa rin naman ito. Minsan narinig ko sa kaniya 'yong social relevance. Na halimbawa may contest o workshop—sinabi niya na mas nakahihigit (akda) ang may social relevance. Ibig sabihin di niya binubura pero hindi niya ipu-push na dapat tungkol sa magsasaka ang mga isinusulat ninyo pero ina-acknowledge niya na 'yong mga akdang may social relevance ay ano 'yan, angat. Lahat ng akda ni Sir Leo ay politikal. Ito ang pinakatumatak sa akin: Ang purpose ng literature para sa kaniya ay truth. Truth. Malaman ang truth, maisiwalat ang truth. Tawag nga n'ya d'yan apostolate, hindi advocacy. Bale pumasok na sa spiritual 'yong kaniyang literature—for truth. Kaya hindi siya preachy kung naghahanap ka ng mentor na may mga pasakalye for that (politics), makikita mo 'yan sa mga gawa n'ya.

Mas apparent ang kaniyang pagiging political sa writing, hindi sa kaniyang mentorship kasi di ka naman n'ya isi-censor. Hindi ka naman n'ya tuturuan na dapat politically-motivated ang iyong writing. Pero sasabihin nga niya na angat 'yong mga may social relevance na writing.

Pakikipanayam kay Prop. Dulce Maria V. Deriada

Si Prop. Dulce Maria V. Deriada ay nagtuturo ng Literature at Creative Writing sa Division of Humanities ng UP Visayas. Ang kaniyang koleksyon ng creative nonfiction na *Places, Faces, Phases* ay inilimbag ng Kasingkasing Press noong 2016. Siya rin ang naging editor ng librong *Kalye nga Wala sing Kamatayon: The Palanca-Award Winning Stories of Leoncio P. Deriada* na inilimbag ng UPV Division of Humanities noong 2019 at ng UP Press noong 2022. Nagawaran na rin siya ng Gawad Carlos Palanca, Gawad Bienvenido Lumera: NCLA National Literary Contest, at PBBY Salanga Prize para sa kaniyang maiikling kuwento sa Hiligaynon at kuwentong pambata. Siya ang pangulo ng Hubon Manunulat, ang organisasyon ng mga manunulat sa Kanlurang Visayas na naglalayong maipakilala, maipalaganap, at maipreserba ang panitikan ng Western Visayas. Tumuon ang panayam sa pagitan ng mananaliksik (FPJ) at ni Prop. Dulce Deriada (DMVD) ukol sa pagiging ama, guro, ama sa panulat ni Leoncio Deriada. Naganap ang panayam noong Abril 26, 2022 gamit ang Zoom Video Conference application.

FPJ: *Ano o paano ba ang mahusay na pagsulat kay Sir Leo?*

DMVD: Naalala ko na sinasabi niya na Literature is also language. Lagi kong naririnig 'yon sa mga workshop n'ya. He was very particular about language. Ano talaga 'yon, e...a, grammar Nazi 'yon. Sa mga workshop, even before idi-discuss n'ya (ang literary piece), ipo-point-out n'ya muna kung ano ang mali sa grammar...kasi nga ang sabi niya: “If you write, dapat master mo na ang language. 'Yon, magsulat ka sa language na alam mo. Naalala ko rin dati na sinasabi n'ya na, “If you write, mas mabuti na you write simply and directly.” Ini-encourage nga n'ya ako na basahin...kasi gustong-gusto n'ya 'yong mga sulat ni Hemingway, e. Sinasabihan n'ya ako dati na basahin ang mga sulat ni Hemingway. Kasi mga simply-written pero 'yong impact, grabe.

Language (mastery). And pag nagsulat ka, keep it simple. One of his literary influences kasi is si Hemingway, e. When it comes to writing. Tapos I also remember na sabi n'ya na, “If you know, if you evoke some sort of reaction from your reader...na you stir your readers feelings, their emotions...na may reaction

from the reader...you have succeeded as a writer.” Na may reaksiyon ka na na-elicít ka from the readers.

FPJ: *Itinuring mo rin ba ang sarili bilang estudyante niya sa panulat?*

DMVD: Naging guro ko talaga siya. He was really my teacher noong college ako. Kasi nga nag-double-major ako—comparative literature ’yong second major ko. Kaya wala akong choice na naging teacher ko s’ya. I think for two subjects: Philippine Lit saka Romantic Lit yata ’yon e. Kahit na iniwasan ko s’ya maging teacher kaso wala akong naging choice kaya naging teacher ko talaga s’ya. Naging estudyante (sa panulat)...I cannot...di ko ma-claim na naging estudyante n’ya ako dito pero palagi namang kapag may mga tanong ako regarding writing, I will consult him. Nagko-consult ako.

FPJ: *Naging obligasyon o pressure ba ang pagiging manunulat mo rin dahil anak ka ng isang Leoncio Deriada?*

DMVD: I don’t think na ano...we’re not forced naman into writing, e. Kami nung kapatid ko, ’yong older brother ko who passed away noong 2018, he was also a writer. In fact, he was the better one, ano. He was so good na-publish s’ya noon sa Young Blood (*Philippine Daily Inquirer*) kasi he’s also into CNF. And then his story, I think napansin pa ni Isagani Cruz and was listed as one of the best short stories for a particular month. I think he was published sa *Free Press* or sa *Philippines Graphic*. We found our way...siguro nasa genes na. Especially ako, I was born sa Dumaguete City. Lumaki ako sa Silliman campus. I grew up, you know, surrounded with books and writers. Bata pa lang ako nakakausap ko na ang mga Tiempos—Si Edilberto at si Edith. Tapos every summer meron ’yong Silliman Writers’ Workshop, di ba. So ’yong mga writers na nagiging fellow doon sa workshop, nakakausap ko. Sometimes, pumupunta sila doon sa bahay. So, at an early age, nakakausap at kilala ko ang mga Tiempos, sina Alfred Yuson—si Alfred Yuson, tinuruan pa ako paano mag-swimming...naalala ko sina Ricky de Ungria, Ophelia Dimalanta—si Alfred Navarro Salanga, na-meet ko s’ya, batang-bata pa lang ako. So, parang we we’re not compelled to write, but we found ourselves into writing kasi nga nasa genes and kasi sa Silliman ’yong environment, grabe ’yong artistic

and literary environment sa Dumaguete, specifically sa Silliman campus. Very buhay na buhay ’yong arts doon. I remember, noong bata pa ako, dinadala kami ni Papa doon, for example, ’yong play niya gagawing isang production so, isinasama n’ya kami doon sa mga rehearsal, ’yon. So, hindi siya nagsabi na dapat magsulat...or you have to be a writer also just like me, hindi. Siguro, feeling ko, he was just so happy when he found out na mahilig ding magsulat ang mga anak niya. Actually ’yong growing up years ko sa Dumaguete, that was the best years of my life, kasi ang ganda ng campus doon, e. May mga kaibigan din naman akong ka-edad ko, for example, ’yong mga anak ng mga co-teachers ni Papa sa English department. So normal na paglaki naman.

FPJ: *Mas Papa’s girl ka ba kaya ka naging manunulat o naging manunulat ka rin kasi kaya naging Papa’s girl ka?*

DMVD: Siguro, in a way, oo (matatawa). Siguro kahit hindi ako naging writer, magiging Papa’s girl pa rin ako siguro. Kasi nag-iisang anak na babae lang naman ako, so ang tendency maging Papa’s girl talaga. Nang mawala ang Mama ko, when I was in First Year HS, so, eventually si Papa took on the role of both being mother and father. ’Yong grief na na-experience n’ya after mamatay si Mama, idinevote niya sa pagsulat at pag-anthologize ng mga writer sa West Visayas. Doon niya idinivert. Even before, kasi si Mama na-hospitalize ng halos a month, e. So, s’ya ang nag-take care kay Mama, he was writing kahit nasa hospital. Ang dami niyang nasulat na stories habang nasa ospital si Mama. He actually came-up with a book—’yong *Week of the Whales* n’ya. Ito ’yong mga stories na naisulat niya habang binabantayan n’ya si Mama sa hospital. So, iyon ang outlet n’ya. Pagsusulat.

FPJ: *Dumating ba sa puntong gusto mong takasan / iwasan ang anino ng iyong ama?*

DMVD: Sa akin, siguro, early on, when I was younger, nako-concious ako sa last name ko. Especially when I was in HS and college, ’yong time na di pa ako nagsusulat, then nakapasa ako sa UP, tapos si Papa well-known na sa UP, tapos ano na s’ya, awarded writer na, in a way merong pressure. Pero nung magsulat na ako, parang ano na, hindi na ’yong gusto kong takasan. Wala naman akong ilusyon na maging

katulad n'ya ano. I mean ako I know my worth and I know what I can do kaya so never in my dreams that I would think na I would be another Deriada. Hindi ko inisip 'yan. Sa akin lang gusto kong magsulat. Siguro merong slight na lang na pressure na you have to very careful in terms of, 'yong mga, balik na naman dun sa grammar, kasi si tatay mo, ganito, tapos ikaw hindi ganun (matatawa). Grabe talaga, maraming umiyak, kasi si Papa kasi he's the type of person na he doesn't hold back kapag nagsasalita. Kung ano ang napi-feel n'ya, sinasabi n'ya talaga. Nambabasura 'yan ng papel. Tinatapon n'ya talaga. Nung nagtuturo s'ya sa UP, tinitingnan n'ya 'yong mga nasa bulletin board tapos chini-check n'ya kung ano-ano ang mali sa grammar, tapos kinokorek n'ya talaga (matatawa). Kinokorek n'ya 'yong mga announcement sa bulletin board. Nung time na he was the Director of the IPO, may mga time na 'yong mga sulat na dumadaan sa kaniya, d'yos ko, 'yong mga galing sa VCAA, ibinabalik n'ya (matatawa). Ganun s'ya katindi, kasi para sa kaniya, you have no right writing in the language na hindi mo naman na-master o hindi mo alam (matatawa). Pero later on, nung matanda na s'ya, in a way, nag-mellow na s'ya. But aside from grammar, nakikita n'ya talaga 'yong mga akdang may potential. So, alam ko may umiiyak, kasi kapag nagwo-workshop, either you love him or you hate him e.

FPJ: *Na-critique ka n'ya?*

DMVD: Ay, palagi! Kasi everything that I write, dumadaan sa kaniya, pinapatingnan ko sa kaniya. Pero sanay na ako sa mga ganyan. 'Yong mga comment n'ya, puro tungkol sa grammar din (matatawa). Tapos 'yong mga ending na parang hindi akma. May time nagtanong s'ya, "Ano ba 'to, ang gulo ng sinulat...ano ba talaga gustong sabihin?" (matatawa). Pag ibinibigay ko sa kaniya, ang linis-linis, pag ibinabalik, grabe... ang dami-dami ng comments. Pero constructive naman ang mga comments n'ya.

FPJ : *Tatay na tatay talaga s'ya ano?*

DMVD: Father talaga ang turing sa kaniya ng mga writer. I remember kasi noong nasa college pa ako, that time talaga height na he was so very busy kasi nasa NCCA s'ya tapos marami s'yang projects, may mga CCP s'ya, ano. Tapos may mga writer na pumupunta rito sa bahay. Pumupunta sila sa kaniya not only to

consult in terms dun sa mga isinusulat nila, pero for advice also. Kasi ang tingin nila sa kaniya parang tatay talaga, lalo pag may problema ang mga 'yan sa pamilya, pumupunta sa kaniya. Humihingi ng advice. Alam niya ang kanilang buhay. Kasi sila mismo ang nag-o-open up sa kaniya. There was a time I remember, 'yong nanay ng isang writer dito, tumawag talaga kay Papa, kasi 'yong anak, magaling magsulat pero parang lulong sa droga tapos ano pa, he was drinking also. Alcoholic. So, nagwoworry na 'yong mother. Di alam kung ano ang gagawin. So tumawag kay Papa. Ano, kausapin mo muna si ganyan. Na what he's going through sana ma-divert sa pagsusulat. So, kinausap naman n'ya. Tatay na tatay na every time, for example, may problem ang isang writer from Western Visayas—"Uy, Leo, 'yong writer mo d'yan..." S'ya ang palaging nirereklamuhan. Nauutangan pa. Madaling utangan 'yon, e. Kaya hindi lang mga writing advice. Pati sa personal, kinukonsulta s'ya. Bigay s'ya. He was—napaka-selfless at napaka-very generous. He's always willing to share whatever talent he has. Naalala ko dati pumunta kami ng Davao. Pumunta kami dun sa mga madre sa Nabunturan, naka-motor pa kami, pumunta kami doon—doon s'ya unang nagturo. Doon sila nagkakilala ng nanay ko. Sasabihin niya: "Magbibigay ako ng workshop for free." So, gustong-gusto n'ya ang mga ganun. Natanong minsan sa akin kung ano ang mas nae-enjoy n'ya, kung pagtuturo o pagsusulat. Sabi ko hindi ko alam—kasi he really likes teaching. In fact, he was awarded the Metrobank Outstanding Teacher. Gustong-gusto niya magturo, kasi nga may engagement with the students. 'Yong writing kasi, it's a lonely occupation, di ba. Gustong-gusto niya 'yong may kinakausap s'ya...you can ask people—he was very talkative. Kung magkuwento 'yan non-stop. He did not smoke. Wala s'yang vice. Wine lang siguro. 'Yong favorite n'ya lang gawin 'yong nagsosolitaryo. 'Yong baraha n'ya. Marami siyang kaibigang tricycle driver. Pag Christmas, he was really very generous kasi, e. Binibilhan n'ya sila ng lechon. Naalala ko nung bata ako nagpupunta kami kung saan siya lumaki, sa Barotac Viejo, tapos kapag Christmas, 'yon may dala s'yang mga regalo na ibinibigay n'ya sa mga tao doon. Nagpapa-party. People has this impression of him na ano s'ya, very strict, nakakatakot. May mga tao talaga na 'yon ang image nila kay Papa. Pero hindi nila alam, parang bata nga siya minsan kasi he was very kind. Walang ere. Naalala ko when he was awarded the Gawad CCP, nasa stage silang lahat na

mga awardees, tapos naghulugan ang mga confetti, e, yung other awardees parang manghang-mangha kasi nagka-clap na 'yong mga audience, pero siya walang pakialam kasi nahuhulog na nga 'yong confetti. 'Yong attention n'ya andun sa nahuhulog na confetti. Parang bata. Wala siyang pakialam kung ano-ano na ang nangyayari (laughs).

FPJ: *Ano ang nasabi niya noong malamang mas nahihilig ka sa pagsusulat ng Creative Non-Fiction? May naisulat ba s'yang CNF?*

DMVD: 'Yong mga first na ipinapakita ko sa kaniya is mga stories ko (fiction). Nag-try pa nga ako sa poetry. Wala talaga akong ipinabasa sa kaniyang CNF. Pero one time, nasa Manila na ako nun, I was doing grad school, tapos nakita niya 'yong isang personal essay na isinulat ko na na-publish sa school paper. Na-publish sa literary folio namin. Nakita n'ya dito sa bahay. 'Yong about sa Dumaguete. Binasa n'ya. Nagustuhan n'ya. Nalaman ko na lang later on na he typed the whole thing tapos may pinagbigyan s'ya—di ko na alam kung Young Blood yata, s'ya mismo ang nagpasa na i-publish ito doon. Ganun naman talaga s'ya. He was very encouraging. Kung ano 'yong gusto namin, nagsu-support s'ya. He wasn't that type na magsasabing: "Dapat, ganito, dapat ganun." Wala. Basta andun lang s'ya. He was very encouraging.

FPJ: *Meron siyang temper?*

DMVD: May temper (matatawa). Grabe ang temper n'ya. Alam 'yan ng mga writer dito, especially 'yong mga older writer, 'yong mga anak n'ya talaga. Even as a teacher, even as a father—sinisinturon n'ya talaga kami nung mga bata kami. Later, nag-mellow na s'ya noong he was getting older na. Naalala ko dati kasi s'ya rin 'yong NCCA representative ng Western Visayas—s'ya rin nagkukuwento—na may mga times na nag-aaway-away sila doon kasi nga ipinaglalaban n'ya 'yong mga literature ng regions, e. 'Yong mga inaaway-away n'ya, mga kaibigan din n'ya naman (matatawa). Hindi naman siya naging grumpy as he became older. Years has mellowed him siguro, 'no.

FPJ: *Ano ang nakakakuha ng kaniyang interes para magsulat?*

DMVD: Mostly, if you will look at his stories, 'yong iba nga mga semi-autobiography, e. 'Yong sa "The Road to Mawab," mga totoong tao 'yun, e. Kilala ko ang mga tao dun. Tapos ngayon ko nga lang nalaman—nung ginawang pelikula ang "Dog Eaters" n'ya—'yong dog doon si Ramir, e. Tapos tumawag ang cousin ko na meron pala talagang totoong aso doon sa amin sa Davao na Ramir ang name. He loved movies. Kaya cinematic ang prose n'ya. Dati nasa sinehan 'yan every week. Tapos 'yung thesis n'ya sa kaniyang MA sa Xavier University—Literature as Film.

FPJ: *May katuwaang kontes ba kayo? Kumbaga inoobliga ka niya kahit pabiro na pantayan mo s'ya o higitan pa?*

DMVD: Part ng personality n'ya na mahilig mang-asar. Ganun s'ya magkarinyo. Nang-aasar s'ya. Wala namang kontes. Naalala ko lang, kasi what we would do, pag nagbi-breakfast kami, doon ko nasasabi ang mga idea ko na gustong isulat. Parang ang ganda sulatin nito. Ito ang gusto ko. Kaso ang problema sa akin, tamad ako magsulat (laughs). Marami akong naiisip pero tamad ako magsulat. Tapos sasabihin niya sa akin: Uy, maganda 'yan. Kapag di mo isinulat 'yan, nanakawin ko 'yan! (laughs). Para siguro i-challenge me na sulatin talaga. It's his way of showing affection. Personality n'ya mang-asar.

FPJ: *Adbokasiya mo rin ba ngayon ang ituloy ang nasimulan niya at humubog pa ng mga bagong manunulat sa West Visayas?*

DMVD: In a way. Though admittedly hindi ako naging active sa Hubon Manunulat since he died in 2019. Pero dalawa kaming nag-isip noon na parang walang writers' group dito sa Iloilo, specifically for Hiligaynon writers. Because at that time, 'yung Kinaray-a very active sila. Si Gen Asenjo, meron s'yang site. Meron din 'yung ano, Dungog Kinaray-a kina Pagunsan. What about 'yong sa mga Hiligaynon writer, parang walang group. So itinatag namin 'yong Hubon Manunulat. So, 'yon. For many years, s'ya ang naging adviser, tapos nagmi-meet kami every month then we came up with projects. Pero after he died, nung 2019. Parang napabaya ko na rin ang Hubon. Pero looking back, naisip kong it's time na uli. Pero di naman kasi nawala. Kaya nga I'm grateful kasi andun pa rin, ipinagpapatuloy nina Noel, si Sol, sina Gil kahit hindi ako active.

Pakikipanayam kay Dr. John Iremil Teodoro

Si Dr. John Iremil Teodoro ay propesor ng Literatura at Creative Writing sa De La Salle University. Tubong Antique si Dr. Teodoro at isa sa mga pangunahing multilingguwal na manunulat ng Kanlurang Visayas at ng bansa. Itinuturing siyang isa mga pangunahing manunulat na nagtaguyod ng Gay Literature at awtor na may pinakaraming naisulat at naipalimbag na akda sa wikang Kinaray-a. Makailang ulit na siyang nagawaran ng Gawad Carlos Palanca at National Book Award. Noong 2019 ay iginawad sa kaniya ang South East Asia (SEAWRITE) award mula sa Kingdom of Thailand. Kasalukuyan siyang Secretary-General ng Unyon ng mga Manunulat ng Pilipinas (UMPIL) at Direktor ng Bienvenido N. Santos Creative Writing Center ng De La Salle University. Ang panayam ay tumuon sa mga naging pagtuturo ni Deriada sa kaniyang pagsusulat at pagmamapa ng sarili bilang manunulat ng rehiyon at bansa. Tumungkol ito sa pagsusulat na multilingguwal at ng Visayan-laced Filipino na isinulong ni Deriada sa Kanlurang Visayas. Naganap ang panayam sa pagitan ng mananaliksik (FPJ) at ni Dr. Teodoro (JIT) noong Mayo 3, 2022 gamit ang Zoom Video Conference application.

FPJ: *Paano binuo o binuklod ni Deriada ang rehiyon at panitikan ng West Visayas?*

JIT: Oo. Doon sa paper ko (“Ang Daigdig Ayon kay Deriada”), nasulat ko rin yata ‘yon. Kasi noong 1980’s nga dumating s’ya galing sa Silliman, naging advocacy nya...umikot s’ya sa buong Panay para mag-workshop sa group of writers. ‘Yon talaga ang una niyang ginawa. Pumupunta s’ya ng Aklan, ng Antique, para magbigay ng workshops sa mga writer. Kahit sa bahay namin noon pumunta pa s’ya para magbigay ng workshops sa Antique. So, ganun s’ya kasipag. Naging advocacy n’ya na buhayin ang creative writing sa Western Visayas kasi before sa kaniya, active ang matatanda sa Sumakwelan, ‘yon lang ‘yon. And then, walang sumusulat lalo na sa Kinaray-a saka sa Aklanon. So, ‘yon talagang pinaghirapan n’ya ‘yan. Nag-ikot s’ya.

FPJ: *Sina Alex Delos Santos at Lachica?*

JIT: Oo. Sa Antique. Mga older ‘yan sila sa akin, e. Sila ‘yong mga nauna. Kung may first Deriada babies, sila ‘yon. And then naalala ko rin na the first

na nag-a-attend ako ng lecture n’ya high school ako, St. Anthony’s College, kasama niya si Nenen Geremia (Lachica), nag-poetry reading sina Nenen ng mga tula n’ya na nanalo ng CCP Literature Grant. Nag-lecture si Dr. Deriada at umattend ako, high school ako noon. St. Anthony’s College sa San Jose. Doon ko s’ya unang nakita. Kasi mga college student ang nag-a-attend tapos ako lang ang high school kaya ang tawag niya sa akin “Mr. High School.” Ako palagi ang tinatawag n’ya. Nagsusulat na ako noon. Kaya umattend ako ng lecture n’ya. Di pa ako napa-publish pero sumusulat ako on my own. Privately. Ang readers ko noon mga classmate ko noong high school. Kapag may naisusulat akong kuwento sa kanila ko ipinapabasa.

FPJ: *May politika bang ikinasa si Sir Leo para sa pagtataguyod ng West Visayan literature at writers?*

JIT: Oo. ‘Yong language politics, I think ‘yon talaga ang ikinasa ni Deriada. Although hindi talaga ganun ka-hardcore ang dating pero talagang language politics kasi inencourage n’ya kaming magsulat sa sarili naming wika. Kasi di ba ‘yong namamayaning wika is English saka Filipino slash Tagalog. So, ‘yun ang politicalization n’ya, ‘no. Feeling ko ang project talaga n’ya ay language. Although ‘yung language engineering na tawag n’ya, recent lang ‘yon. Sa umpisa wala pa s’yang ganung terminology. Pero feeling ko talaga, gusto n’yang ma-decentralize ‘yong writing. Kasi nung nasa Maynila s’ya, noong nakaupo s’ya sa CCP Literature Committee, parang s’ya ‘yong tipong nang-aaway di ba ng mga ilang writer sa mga meeting (matatawa). So, ‘yon. I think malaking bagay ‘yon na napasulat n’ya ang mga Aklanon at Kinaray-a writers.

FPJ: *Masasabi bang purista si Sir Leo dahil advocate s’ya ng promotion ng native language? Halimbawa purista s’ya sa pagsusulat ng Tagalog?*

JIT: Well, kasi pag outside Metro Manila ka naman talaga, pag nag-aral kayo sa school ‘yong Filipino na itinuturo talagang Tagalog, di ba? Kahit ako ang Tagalog ko ganun. Kasi kung ano ang natutunan ko sa teacher ko sa school. Although, nung nagbago nga ang Constitution na dinefine ang Filipino na combination ng different languages talagang naging literal ‘yong kay Deriada kaya meron siyang Visayan-laced Filipino, di ba. So by that alone, di ba hindi s’ya purist. Multilingual talaga s’ya. Kasi writer s’ya in

English, writer s'ya in Tagalog. At nag-eencourage s'ya ng mga tao na magsulat sa regional languages at s'ya mismo, nagsulat sa Hiligaynon—late na rin s'ya nagsulat sa Hiligaynon, e. Noong nasa Iloilo na s'ya. Nag-Cebuano pa s'ya, so, pina-practice n'ya ang pini-preach n'ya. Saka naalala ko n'yan, pinapagalitan n'ya 'yung mga older writer ng Hiligaynon, kasi 'yung older writers, sila 'yong purist. Itong Sumakwelan writers' group, sila talaga 'yong may idea ng pure Hiligaynon. So, ayaw nila, halimbawa may poem ako na "Panty kag Bra"—ayaw nila kasi raw 'yong panty at bra ko English daw 'yon. Sabi ni Deriada, "E, ano ang gagamitin n'ya? Takop sa ibabaw, takop sa ilalum?" So, hindi s'ya purist.

FPJ: *Ano o paano ba ang mahusay na pagsulat kay Sir Leo?*

JIT: S'yempre, Silliman school of writing s'ya... at s'ya mismo inaamin n'ya na Formalist s'ya. Kasi 'yon ang training n'ya, e. So, ang mga lecture n'ya sa poetry, mag-i-start kayo sa imagery, di ba. Grammar Nazi s'ya. Ayaw n'ya talagang may mali sa grammar mo sa English. Sa Kinaray-a, sa Aklanon, saka sa Filipino, forgiving s'ya sa grammar pero pagdating sa English, hindi. So, sa kaniya, 'yon formalist s'ya sa kind of writing. May imagery ang tula. Sa kaniya ko narinig nung una ang organic unity. Di ba requirement n'ya 'yon sa poetry. Kaya hanggang ngayon di ko 'yan mawala sa sarili ko. S'ya naman talaga ang unang teacher ko sa poetry, so, kapag nagsulat ako ng tula talagang nasa psyche ko 'yon—'yong central image, di ba, 'yong organic unity.

Although ngayon siyempre freer ako, mas malaya ako, pero nand'yan s'ya at the back of my mind. Lalo na kapag nagpa-panelist ako, ang mode ko talaga pormalista kaagad.

FPJ: *Paano mo mas personal na nakilala si Sir Leo?*

JIT: Nung college na ako sa Iloilo, nagpapadala na ako sa kaniya sa *HomeLife* (magazine).

Mga tula. And then, sabi n'ya sa akin bisitahin ko raw s'ya sa UP Visayas. Nahanap ko actually 'yong first rejection letter ko from him (matatawa) na may note na: "Visit me at my office." So, 'yon binisita ko s'ya sa office n'ya college ako. At 'yon na, wina-one-on-one workshop n'ya ako. Saka estudyante pa ako nun, wala akong concept na ano...na baka nakakahiya na

naiistorbo s'ya, so, parang, wala akong ganung concept kada punta ko doon, may bago akong tula, punta ako sa office nya ipabasa ko sa kaniya—di naman s'ya nagrereklamo na nakakaistorbo ako. So, verygenerous s'ya. Meron siyang column sa *HomeLife* na "A Poetry Workshop with Tito Leo." So, Tito Leo ang tawag ko sa kaniya. So, pag pumunta ako sa office n'ya (SWF-UP Visayas), sasabihin ko sa secretary: "Hi, Ma'am. Ara si Tito Leo?" Pinapagalitan ako nung secretary. Sasabihin n'ya: "Hindi ito *HomeLife* office. UP ito. Dr. Deriada s'ya dito" (matatawa).

FPJ: *Kumusta siya bilang ama sa panulat? Ama din ba s'ya sa buhay-buhay ng mga inaruga niyang manunulat labas sa panulat?*

JIT: Ay, napakaestrikto! Takot ako sa kaniya actually. Ako nung bata pa, nanalo na ako ng mga award kasi kung ako lang, di talaga ako sasali pero pag inutusan n'ya ako na sumali, takot ako so pipilitin ko sumulat para sumali. Like 'yong Gawad Ka Amado sa Tula. Pupunta ako sa office n'ya para ibigay ang bond paper, 'yong call for submission. "O! Mag-entra ka da!" So, di ko na kinukuwestiyon. Magsusulat ako para sumali. Nakatulong naman. Nananalo ako. Siguro dahil bata pa ako nun, di ko maintindihan bakit s'ya nananalo kasi di ko naman pa masyado alam kung ano ang maganda at pangit na akda, di ba. Nagko-confide naman ako sa kaniya sa personal. Pero noong bata yata ako wala pa akong masyadong problema sa buhay, 'yong writing lang talaga. Feeling ko lang 'yong isang ano ko lang sa kaniya kasi nga nanalo ako ng award tapos na-publish ako sa *HomeLife*, 'yong Nanay ko kasi di ba super proud, so parang, alam mo 'yon 'yong Gawad Ka Amado ko na trophy, inikot n'ya sa buong barangay. So, nahihiya ako. Kapag may bago akong publication, sa mga magazine, dadalhin n'ya sa mga kapitbahay na mga kamag-anak naman namin. So, sabi ko, "Sir, hiyang-hiya ako talaga sa ginagawa ng nanay ko." Sabi n'ya "Well, give those privileges to Mothers." 'Yon ganun s'ya mag-advice (matatawa).

FPJ: *Itong pagmamapa sa sarili bilang manunulat ng rehiyon at kinikilala ring manunulat ng "sentro" ay impluwensiya ba sa 'yo ni Sir Leo? Kumusta ang ugnayan mo sa dalawang dako?*

JIT: Wala s'yang ganun. Kasi di ba s'ya ang una kong guro, the only guro sa pagsusulat noong college ako.

And sa ibang university pa ako. Except na 'yon nga, talagang tinu-tutor n'ya ako na libre 'yan ha! Nung mag-graduate ako ng college at mag-decide akong di na mag-medicine, binabasa ko palagi 'yong column ni Cirilo Bautista sa *Panorama*. Nagpapadala ako ng mga tula ko—may ilan ding na-publish. Tapos binabasa ko rin 'yong column ni Isagani Cruz, di ba. So, kaya nasabi ko, gusto ko pang matututong magsulat—na nakukulangan na ako kay Sir Deriada. Alam mo 'yon, parang 'yong time na for me, to ano, to explore. So, nagdecide ako na mag-La Salle. Bakit La Salle? Simple 'yong rason. Kasi nandito si Bautista saka si Isagani Cruz. And then nung nag-aral ako sa La Salle, masayang-masaya s'ya. And then nung ipinakita ko sa kaniya 'yong thesis ko. Sabi n'ya: "Wow! Big names ang mga panelist mo." Kasi ang mga panelist ko yata noon si Marjorie Evasco, si BS Medina Jr., saka si Efren Abueg. Happy s'ya actually. As a writer, very strong sa akin 'yong influence ni Deriada kasi kahit na Manila-based ako, ang tingin ko pa rin sa sarili ay regional writer. Alam mo 'yon, kahit medyo hindi na ganun kaganda ang regional-national dichotomy, tingin ko sa sarili ko palagi ay regional writer ako, 'no. Kaya nagsusulat pa rin ako talaga sa Kinaray-a.

Halimbawa, noong nasa Iloilo, ako di ko na imagine ang sarili ko na one day magiging secretary-general ako ng UMPIL. 'Yong UMPIL, sentrong-sentro na 'yan di ba. Pero, nevertheless, na-retain ko pa rin 'yong identity ko as a "regional writer," 'no. Naalala ko 'yan, ang extreme lang na si Deriada ang teacher ko, kasi si Merlie Alunan sa Tacloban, nag-organize s'ya ng centennial ng UP noong 2008. Ng UP All-Visayan writing workshop, parang ganun. So, ang ginawa ni Ma'am Merlie, nag-identify s'ya ng five writers from Region 6, Region 7, at sa Region 5. So, 15 na fellows then ang format, magpi-present kayo ng poetics n'yo about your writing, no. Doon ko na-realize, first time kong narinig kay Ma'am Merlie 'yong Visayan-consciousness. Sabi ko sa kaniya: "Alam mo, Ma'am. Di ko talaga naisip ang sarili ko na Bisaya. Well, Kinaray-a writer ako. Pero I'm not really thinking of myself as a Visayan writer dahil wala akong Visayan-consciousness. So, baka kasi masyado akong sheltered sa Antique. Maybe I'm too full of myself na Kinaray-a writer ako but not Visayan-writer. So, ang joke ni Ma'am Merlie: "Naku, ano lang 'yan. You're too full of Deriada kaya naging ganyan ka (matatawa)."

Oo nga. Kasi si Dr. Deriada, consciously, di n'ya itinuturo sa amin ang Visayan-consciousness. Si Ma'am Merlie kasi ganun ang advocacy.

FPJ: *Sa usapin ng estilo ng naratibo at pagpili ng paksa, ano ang naging impluwensiya sa 'yo ni Sir Leo ukol sa mga ito?*

JIT: Ang kagandahan kay Dr. Deriada, in terms sa writing hinahayaan ka n'ya kung ano ang gusto mong isulat. Siguro kaya naging gay writer din ako kasi mas free ako to express myself. Ang sa kaniya, wala s'yang pakialam sa topic mo, ang pakialam n'ya kung paano mo isinulat, kasi nga formalist, di ba. 'Yan ang kaniyang critical-mode, e. Kung paano mo isinulat. Kaya maganda, in a way.

FPJ: *Produkto ba ang mga panulat mo ng advocacy ni Sir Leo na "Visayan-laced Filipino?"*

JIT: Oo. Kung babasahin mo 'yong introduction n'ya sa libro ko. So, talagang naniwala ako sa kanya. Naniwala ako sa kaniya na tama s'ya kaya sa akin tama 'yon. And then, na-realize ko na hindi 'yon accepted ng maraming writers and readers, which I really don't mind kasi naiintindihan ko ang kaniyang gustong gawin, 'no. At ginagawa ko 'yon. Of course, ang drawback nun, pag sumali ka ng Palanca, dededmahin 'yon ng judges, di ba, normally. Kasi ang mga ideya ng Filipino is Tagalog pa rin. Ngayon na lang ok na. Pero nung ini-introduce pa lang ang idea, di s'ya Palancable. And s'werte rin ako kasi kay Isagani Cruz, ganun din s'ya mag-isip. Like kay Dr. Cruz, 'yong dula ko na "Unang Ulan ng Mayo," ganyan minixed ko s'ya at nagustuhan 'yon ni Dr. Cruz. Like 'yong sa CCP Literature Grant nga, nung sumali ako, sa utos ni Deriada sumali ako. 'Yon meron palang grant for Filipino poetry, meron sa Tagalog poetry. Naalala ko si Wendell Capili 'yong sa Tagalog. Ako sa Filipino. Kasi nga 'yong akin minixed ko 'yong languages. Nanalo ako doon kasi 'yong judges sa iba't ibang wika nanggaling. Mas open sila. Kasi 'yong iba, ang narinig lang ay p'wedeng i-mix. Hindi nila alam na nag-aaplay pa rin ang mga rule ni Deriada na dapat gamitin mo s'ya for alliteration, sa assonance, rhyiming, may ganun. May function s'ya. Hindi mo lang minimix. Paulit-ulit si Deriada: Dapat may aesthetic function ang pag-inject.

FPJ: *Inobliga ka ba n'yang pantayan kung hindi man lagpasan mo s'ya?*

JIT: I think 'yan ang rule ni Deriada sa lahat ng minentor n'ya. Oo, 'yan ang challenge n'ya. Tuwang-

tuwa 'yon kapag natalo mo s'ya sa contest. Naalala ko 'yan nung may isang taon sa Palanca awards sa Hiligaynon. Ang first prize, si Alice Gonzales, ang second prize, si Genevieve (Asenjo), third prize ako. Tapos sumali s'ya, natalo s'ya. Sabi n'ya: "Well, I must be a very good teacher!" Ganun ang attitude n'ya. Totoong mentor. Di ba may mga mentor na nai-insecure sila kapag natatalo sila ng kanilang mga estudyante, di ba. Pero si Deriada hindi ganyan. Kay Deriada, walang kapalit.

FPJ: *Adbokasiya mo rin ba na ituloy ang nasimulan niya para sa panitikan at mga manunulat ng Kanlurang Visayas?*

JIT: Well, practically as a teacher and as writer, 'yan ang ginagawa ko. May San Agustin Writers' Workshop. Tumatanggap ng mga manuscript from Hiligaynon, Aklanon, and Kinaray-a.

Pakikipanayam kay Dr. Alice Tan-Gonzales

Si Dr. Alice Tan-Gonzales ay isang manunulat at guro mula sa Kanlurang Visayas. Isa siya sa pangunahing manunulat ng rehiyon at ng bansa. Ang kaniyang mga critically-acclaimed na akda ay pawang nakasulat sa wikang Hiligaynon na kaniyang katutubong wika. Propesor siya ng English Communication and Literature sa Division of Humanities ng University of the Philippines–Visayas sa Iloilo. Noong 2014 ay naging Hall of Famer siya ng Gawad Carlos Palanca para sa kaniyang maikling kuwentong "Ang Likum Sang Isla San Miguel" para sa Hiligaynon category. Ito rin ang kaniyang naging ikalabing-isang pananalo sa nasabing gawad. Siya rin ang awtor ng librong *In The Womb of the Earth and Other Stories*, na naglalaman ng kaniyang mga kuwentong nakasulat sa wikang Hiligaynon at kaniyang isinalin sa wikang Ingles. Mga kuwento itong nagmula sa sinapupunan ng Kanlurang Visayas na kaniyang tahanan. Kinakatawan ng koleksiyong ito ang mga sinaunang kuwento at kasaysayan ng mga magsasaka at mangingisda mula sa mga isla ng Panay at Negros. Naging tuon ng panayam ng mananaliksik (FPJ) kay Prop. Gonzales (ATG) ang paksa ukol sa pagiging isang produkto ng isinagawang literary engineering ni Deriada lalo na ang pagsusulat sa katutubong wika, maging ang estilo ng naratibo at pamimili ng paksa bilang manunulat batay sa naging impluwensiya ni Deriada sa mga manunulat ng Kanlurang Visayas. Ang panayam ay naganap noong

Hunyo 7, 2022 gamit ang Zoom Video Conference application.

FPJ: *Paano po ninyo nakilala si Sir Leoncio Deriada?*

ATG: Si Sir Leo transferred from Silliman University to UP Visayas in 1985, I think. Naging colleague ko na s'ya. Naririnig ko na, kasi may pangalan na s'ya noon, kasi may book s'ya 'yong *Road to Mawab and Other Stories*. And then when he was in UP, uhm, *Week of the Whales*. So, and then of course other books na sa UP na n'ya ginawa. Yeah, ayon. Because he transferred to UP Visayas where I was already teaching. Pero the thing is (laughs) nag-teach ako sa Silliman for one year. From 1981–1982, one school year. He was my boss. He was the Chair. It became lonely for me there, kaya I transferred to Iloilo. I really got to know him well, dito na sa Iloilo. And we became close.

FPJ: *Kumusta po siya bilang colleague sa division?*

ATG: We we're in the UP Iloilo then. City campus. Actually he was really fun to be with. I heard nag-e-enjoy ang mga estudyante n'ya sa kaniya kasi joker s'ya. Kung sa faculty meeting, medyo quiet s'ya unless na there was something importante. Otherwise he would just keep quiet. Pero kung mag-one-on-one kami or just a few of us na informal, ang joker-joker talaga ni Sir. Endearing si Sir but at the same time also terrifying in his anger (matatawa). Pag magalit 'yan, naku! (matatawa). He would be quiet but if he had something to say, he would say it and sometimes he could get passionate in his beliefs about certain things. 'Yan si Sir as a colleague. Ako enjoy ako kay Sir. Sa mga informal gatherings na 'yan na di masyadong maraming tao, we will gather around him, kasi magkakalapit lang tables namin. At saka once he start talking, hala! We will also linger and listen (matatawa). Marami kang...historyador si Sir, e. He is really a storyteller. Siguro pag tinanong mo ako kung ano talaga ang genre ni Sir, a, ano s'ya—narrative (matatawa). Storyteller, either short story or novel. Siguro sabihin na nating novel kasi ang haba-haba ng mga istorya hindi mag-cut (matatawa).

FPJ: *Sabi ni Sir Leo sa isang papel: "The following year, the Sumakwelan, the association of Hiligaynon writers, won a venue grant at the National Arts Center in Mt. Makiling with me as the director of the*

writing workshop there. It was in that workshop that Alicia Tan Gonzales, from Bacolod and a teacher at UP in the Visayas and now a major fictionist-poet-playwright in Hiligaynon, was discovered." Ano po itong "discovery" na ito? S'ya po ba ang naka-discover sa inyo?

ATG: A, kasi I was not really a writer. Tapos after EDSA, si Sir is the force behind the post-EDSA West Visayan writing. The Aquino government was really bent on supporting the regional literature. Kasi before Cory, parang wala namang nagbibigay-atensiyon sa regional writing. 'Yong mga institution, wala. Although sina Lumbera, Resil Mojares, they are reaching out. Pero 'yong government agencies na dapat magsuporta, medyo wala, ano. And then si Sir when he was appointed as coordinator ng CCP para sa West Visayan region or West Visayan literature, naghanap s'ya ng mga occasion na makapagbigay ng mga workshop. Naghanap ng venue, grant, nagbigay ng workshops sa kung saan-saan. So, the first was in UP campus. Tapos in 1988, nakakuha s'ya ng grant para sa Hiligaynon writers doon sa National Center in Mt. Makiling. Ako naman, e, ano lang ako, e. Parang trying-hard...wala naman, hindi naman talaga ako sumusulat. Doon sa first workshop sa Iloilo campus, I presented two English poems na nagustuhan nila. Nagustuhan nila ang dalawang short poems, ano. Pero I did not call myself a writer. Tapos nung 1988, about October, sabi n'ya: "Alice, pupunta ang mga Hiligaynon writer." 'Yong members ng Sumakwelan group... 'yon ang oldest writers group sa West Visayas. Tapos compose na s'ya ng maraming writers from Bacolod, from Antique, from Capiz, meron ding Kalibo and Iloilo. Kasi at that time, wala pang growth masyado ang mga writing na ganyan except from Hiligaynon. It's like mayor ang Hiligaynon—the writers coming from the other part of West Visayas wrote in Hiligaynon. So, kumuha si Sir ng grant tapos sabi n'ya, "Alice, sumama ka doon!" Tapos sabi ko, "Sir, ano ang gagawin ko doon? Hindi naman ako writer." Especially hindi naman ako Hiligaynon writer (matatawa). Tapos sabi n'ya: "Sige na, punta ka lang, tatal teacher ka naman. Mag-critique ka doon." Sabi pa n'ya: "Maganda doon!" (matatawa). Sabi ko: "Sige Sir, mag-critique-critique ako doon!" Kahit alam ko, di naman ako critic, e! (matatawa). Pumunta na ako. We we're there 5 days or 1 week. I did my work ha. I earned my keep (matatawa) so to speak. Tapos mga 3 days na lang aalis na kami, sabi n'ya: "O,

ikaw Alice. H'wag na h'wag ka mag-go down or mag-descent sa mountain na ito na hindi ka pa nagsusulat ng Hiligaynon!" (matatawa). "We will not take you along. You have to write something in Hiligaynon!" Oooh pagod na. Parang he twisted my arm (matatawa). So I wrote my first-ever short story, imagine mga two days! Oo. Natapos ko 'yung first story ko.

FPJ: *Instrumental po pala talaga si Sir Leo para makapagsulat kayo sa Hiligaynon?*

ATG: Oo. I wrote it hurriedly in mga two days lang. Kasi on the third day, parang criticism day na tapos aalis na kami. Medyo na-hurry kasi somehow naka-help din 'yong atmosphere ng creativity—na napapaligiran ka ng mga taong very creative at saka 'yung prodding ni Sir, para bang he was really "railroading" me (laughs). And you know what is so beautiful about it sa experience ko, kasi parang I found it not just challenging, but inspiring na magsulat, ano. Sabi ko: "Ay! There's something pala. I have a story to tell pala!"

Anyway, ang maganda—nagandahan si Sir (laughs). Tapos there were three older members ng Sumakwelan, sabi : "Uhm, Alice, saan ang moral lesson dito?" (matatawa). So, nagandahan itong si Sir sa story, tapos sabi n'ya: "You join that sa contest, Alice. May contest ang *Yuhum* magazine sa December. Kaya mag-join ka." So, nag-join nga ako. Tapos, ang maganda naman kay Sir, nag-join din s'ya. Di ko alam nag-join din s'ya. Tapos nag-win ako ng third place, si Sir hindi nag-win (matatawa). Sport si Sir, e. He was just so happy kapag 'yong mga alaga n'ya nagwi-win.

FPJ: *Maituturing n'yo po bang estudyante kayo sa panulat ni Sir Leoncio?*

ATG: In a way, in a way. Actually siguro I did not have so many opportunities na mag-sit sa class n'ya or sa mga workshop na ibinibigay n'ya. There were only two occasions na nag-sit ako sa kaniya as parang student n'ya, in a way, 'no. 'Yong first workshop sa UP in Iloilo at saka 'yong workshop doon sa taas ng bukid ng Mt. Makiling. Pero 'yong others, parang he was making me as facilitator. So I learned ultimately from hearing what he said on the works of others, mga ganyan. Then 'yong mga informal occasions like 'yong mga talks-talks.

FPJ: *Masasabi n'yo po ba na produkto kayo ng language/literature engineering na ini-advocate ni Sir Leo sa Western Visayas?*

ATG: Hindi naman ako part ng language engineering kasi, like 'yung sa Visayan-laced—di naman ako nagsulat ng Filipino. At saka, part ako ng Hiligaynon literature, so nand'yan na 'yan. Pero 'yung Aklanon at Kinaray-a, 'yon ang talagang bago! Bago in the sense na naging very active ang mga writer doon.

FPJ: *Bilang kapuwa writer, ano sa palagay ninyo ang kapangyarihan ng panulat ni Leoncio Deriada in terms of poetics and narrative-style na dapat matutuhan at sundan ng mga mas batang manunulat sa West Visayas at buong bansa?*

ATG: Si Sir strong s'ya talaga sa fiction and play writing. Anak s'ya talaga ng play at fiction. May social relevance si Sir sa topics. Very socially-relevant s'ya. Magaling s'ya towards social topics. Pero meron din s'yang mga work na interpersonal relationships. Magaling din s'ya d'yan. Kaya nga siguro 'yong mga works n'ya sometimes ginagawa n'yang short story into play and vice-versa.

FPJ: *May naging impluwensiya po ba si Sir Leo sa estilo ninyo ng naratibo, pamimili ng paksa o tema na isusulat, at mismong poetics?*

ATG: 'Yung poetics n'ya, 'yung style of handling n'ya sa narrative masasabi ko talaga na Silliman-trained s'ya. I love that style. Parang ayaw ko 'yung mga lumalabas na bago ngayon na that are meant to just surprised you. After that surprise, ano pa ang matitira? I think I fall under d'yan (Deriada-style). Parang di ko masabi na may isang tao lang na naging influence ko. S'yempre literature teacher ako, dapat ako. Pero alam ko for sure, 'yung first short story ko, si Arguilla talaga 'yon (matatawa). Manuel Arguilla. Marami akong nabasang Latin-American writers, influences ko rin sila. Pero in general, binasa ko naman ang mga books ni Sir, e. Andiyan lang 'yan. Influence. Ma-insight sila, e. Kailangang may insight in every story, ganyan. Mga influences na ganyan, these are things that I hold in mind kung ako ang sumusulat. Kailangan may sinasabi ka, 'no. Saka kailangan may conflict d'yan. Saka what does it say about a person or persons. Di ako siguro very social. Siguro more interpersonal ako.

FPJ: *Paano po nagtatagumpay ngayon sa West Visayas literary scene ang mga sinimulang adbokasiya ni Sir Leo?*

ATG: Yes. Oo. nagtatagumpay talaga. Before the pandemic, masigla specially 'yong writing, ha. Sa Antique naman, specially ang masigla doon ang writing ng mga short story, poetry, drama. Masigla talaga 'yong Antique. Talagang workers like si Richie Pagunsan, si John Iremil Teodoro, si Alex Delos Santos, si Genevieve Asenjo, sila ang mga movers doon. Talagang namo-move nila.

FPJ: *May puwang pa po ba na dapat punuan para sa lubos na ikatatagumpay nito?*

ATG: Mayroon din. Like for example, you write in Hiligaynon, Kinaray-a, Aklanon, e, walang nagki-critique. Naiintindihan ko si John Barrios, 'yong pinalabas n'ya (libro) hopefully mag-trigger ng critical atmosphere dito sa Iloilo.

Pagbubuod

Sa pakikipanayam kay Dr. Isidoro M. Cruz, maibubuod ang mga sumusunod na puntos: Una, naipanganak ang multilingual writing sa Kanlurang Visayas sa panahon (at dahil na rin pagsusulong dito) ni Leoncio P. Deriada. Ang isang lebel ay ang multilinggwalismo ng mga manunulat sa loob mismo ng Kanlurang Visayas. Marami sa kanila ay nakapagsusulat at nakakaintindi ng mga katutubong wika ng rehiyon partikular ang Aklanon, Hiligaynon, at Kinaray-a. Palitan nilang ginagamit ang mga wikang ito sa kanilang mga pag-aakda. At ang isa pang lebel ay ang produksiyon ng mga akda mula sa rehiyon na nakasulat sa Visayan-laced Filipino at Ingles. Nagtanghal ang puntos na ito sa legitimization ng mga katutubong wika ng Kanlurang Visayas bilang wika din ng panitikang pambansa. Ikalawang puntos ay ang pagtatangi ni Deriada sa Filipino at Tagalog bilang magkaibang wika batay sa kategorikal na posisyon ng mga ito. Pambansang wika ang una na dapat lahuman ng mga katutubong wika batay na rin sa mandato ng Saligang Batas ukol dito at isa sa mga katutubong wika ng bansa naman ang huli. Ikatlo, hindi teoretikal ang modelo ng pagsusulat sa Filipino ni Deriada. Mas modelong praktikal ito batay sa pagsasalita ng Filipino sa probinsiya ng Davao kung saan siya nanirahan bilang

kabataan. Isa itong construct sa kung ano ang Filipino para sa kaniya na naisa-praxis ng kaniyang pagsusulong sa paglalahok ng mga katutubong wika ng Kanlurang Visayas sa pambansang wika kaya magresulta ng isang Visayan-laced Filipino sa mga pag-aakda. Ikaapat, pisikal ang pagsasapraktika ni Deriada sa pag-oorganisa para mabuklod ang mga manunulat ng Kanlurang Visayas. Naging lubos na materyal ang mga libreng writing workshop na kaniyang paulit-ulit na isinagawa sa mga probinsiya ng Aklan, Antique, at Iloilo upang kilalanin ang mga datihan at mga umuusbong na manunulat ng mga nasabing probinsiya. Dahil dito, dadami ang mga indibwal na tumahak sa landas ng pagsulat at magresulta siyempre pa ng mas maraming produksiyong pampanitikan ng Kanlurang Visayas. At ikalimang puntos, mas nakaaangat kay Deriada ang mga akdang may social relevance. Dahil bilang manunulat, sinasabi ni Cruz na politikal ang lahat ng akda ni Deriada. Sumususog ang pag-aakda niyang ganito sa kaniyang (Deriada) itinuturing na tunay na layunin ng panitikan: Ang katotohanan o ang paghahanap dito. Malaman ang katotohanan. Maisiwalat ang katotohanan. Mas espirituwal na kumpas ng pag-aakda (at hindi lamang adbokasiya) ang pagturing ni Deriada sa layuning ito.

Lalamanin naman ng pakikipanayam kay Prop. Dulce Maria V. Deriada ang mga sumusunod na puntos: Una, tungkol sa gramatika at estruktura sa pagsusulat, maisisiwalat ang estriktong partikularisasyon ng kaniyang ama sa tamang gramatika, lalo't nakasulat ang akda sa wikang Ingles. Na mahalaga sa ama na ang manunulat ay bihasa sa teknikalidad ng wikang ginagamit sa pagsusulat. Gayundin, padron niya sa pagsusulat ang kaniyang ama sa simple subalit pinakamaayos, matipid at direktang naratibo ng pag-aakda. Na mahalaga sa ama na ang bawat akda ay laging nakakakuha ng reaksiyon mula sa mambabasa. Na naikokonekta ng mga mambabasa ang kanilang emosyon at iba pang pakiramdam sa kanilang binasa. Ikalawa, tungkol sa pagiging guro ng sma, bukod sa literal nitong pagiging guro sa kaniya sa loob ng unibersidad, lagi niya itong tanungan ng mga gabay sa pagsusulat. Na ang kanilang pagiging mag-ama ay kinapapalooban din ng relasyong mentor at mentee sa pagsusulat. Bagamat maisisiwalat na kahit kailan, silang magkapatid ay hindi inoblige ng ama na sundin ang yapak nito bilang manunulat. Na naging manunulat s'ya dala na rin ng malikhaing kapaligiran sa sinilangan at kinalakihang Dumaguete kung saan nagturo si

Leoncio P. Deriada at kung saan n'ya nakakasalamuha ang mga kaibigang manunulat ng ama. Masasabi ngang mahigpit na kritiko niya ang matandang Deriada sa kaniyang mga pag-aakda. Patunay dito ang isisiwalat niyang dami ng puna ng ama na isinusulat sa kaniyang mga akda gayundin ang mga pagtatanong nito ukol sa nais sabihin ng kaniyang mga akda. Ikatlo, ang pagiging ama ni Leoncio P. Deriada ay lagpas pa sa pagiging biyolohikal na ama niya at sa pagiging ama sa panitikan ng mga batang manunulat sa Kanlurang Visayas na ginabayan nito. Na bukod sa mga paghingi ng payo ng mga batang manunulat kay Leoncio P. Deriada ukol sa kanilang mga akda, may mga pagkakataong pati mga payo sa kanilang personal na buhay ay naihingi at naihihinga rin nila dito. At lagi't lagi na, walang pagdadamot na kinakausap at pinapayuhan sila nito. Tumutulong mula sa aspektong moral, emosyonal, hanggang pinansiyal. Ikaapat, bilang persona, walang pretensiyon ang pagiging tao ng ama, katulad ng mga pangunahing tauhan sa mga kuwento nito. Galit ito kung galit at masaya ito kung masaya. Palabiro ito at mahilig mang-asar, at may mga pagkakataon pa ngang tila isang batang may sariling daigdig at walang pakialam sa mga nangyayari sa kaniyang paligid. Ikalima at huling puntos, ang kumpas niya ngayon bilang isa sa pangunahing tagapagpakilos ng Hubon Manunulat ay dahil na rin sa impluwensiya at pagsusulong ng kaniyang Ama na maitanghal ang mga manunulat at akda ng Kanlurang Visayas sa kamalayang pambansa.

Ang pakikipanayam kay Dr. John Iremil Teodoro ay maibubuod sa mga sumusunod na puntos. Una, ang kanilang personal na relasyon ni Deriada bilang guro at ama sa panitikan ay maisisilang dahil na rin sa kaniyang pagsusulat mula pa noong kaniyang kabataan bilang estudyante ng high school at sa kolehiyo. Na sa simula pa lamang ay nakita na ni Deriada kay Dr. Teodoro na magiging isang mahusay na manunulat ang huli sa hinaharap. Ang mga una niyang akda ay nahubog sa pinakamahusay nitong porma dahil na rin sa palagiang konsultasyon niya kay Deriada. Maging ang kaniyang mga unang pagsali at pananalo sa mga kontes sa panitikan ay tulak ng palagian ding pang-eenganyo sa kaniya ni Deriada. Ikalawa, ang politika sa wika ang maituturing na politikang ikinasa ni Deriada sa pagsusulong ng panitikang rehiyonal ng Kanlurang Visayas. Naging materyal dito ang masigasig na pagsusulat ng mga kabataang manunulat sa wikang Aklanon at Kinaray-a tulad niya. Ikatlo,

hindi purista bagkus ay totoong multilingualist si Deriada sa pagtataguyod ng Visayan-laced Filipino. Na bukas si Deriada sa mga akda kung saan naghahalo sa teksto ang katutubong wika at hiram na wika. Ikatlo, bukod sa pagiging estrikto sa gramatika, ang mahusay na pagsusulat para kay Deriada ay dapat laging may malilinaw at angkop na imahen at organic unity. Hindi rin paladikta si Deriada ng mga paksa na dapat isulat. Mas sinusuri niya ang mga akda sa kung paano ito naisulat. Malayang kumpas ito para tahakin at pangunahan din ni Dr. Teodoro ang pagsusulat na pumapatungkol at nagsusulong ng gay literature. Ikaapat, lagpas pa sa pagiging ama sa panitikan, isa rin itong ama sa buhay na laging nagmamalaki at sumusuporta sa kaniyang mga tagumpay at tinatahak na landas bilang manunulat, kahit noong nasa Maynila na ang kaniyang base bilang manunulat at guro. At ikalimang puntos, maituturing si Dr. Teodoro na produkto ng literary engineering ni Deriada mula sa paggamit pa rin sa kasalukuyan ng Visayan-laced Filipino sa pag-aakda, pagmamapa sa sarili bilang manunulat ng banwa at bansa, at lagi't laging ituring ang sarili na manunulat ng rehiyon at itaguyod ang panitikan ng Kanlurang Visayas.

Maibubuod naman ang pakikipanayam kay Prop. Alice Tan sa pamamagitan ng mga sumusunod na puntos: Una na dito ang bentahe ng pagiging colleague niya kay Deriada bilang kapuwa guro sa Unibersidad ng Pilipinas sa Visayas (UPV). Ang mga impormal na pag-uusap at kuwentuhan nila ay magsisilang ng mas malalim na palagayang loob ng isa't isa bilang parehong manunulat at parehong mangarap ng pagtatanghal sa panitikang rehiyonal bilang panitikan ng bansa. Ikalawa, bilang kapuwa guro at tao, malinaw kay Prop. Gonzales ang marubdob na adhikain ni Deriada sa kaniyang mga paniniwala at adbokasiya bilang guro, manunulat, at manggagawang pangkultura. Makailang beses niyang nasaksihan ang pasyon ni Deriada ukol sa pagtatanggol nito sa kaniyang mga paniniwala, mula sa mga pulong sa kanilang dibisyon hanggang sa mga palihan sa pagsulat. Ikatlo, instrumental si Deriada para landasin ni Prop. Gonzales ang pagsusulat ng mga kuwento at isulat ang mga ito sa kaniyang katutubong wika na Hiligaynon. Sinasabing ang mga unang naisulat noon niya noon ay pawang nasa wikang Ingles. Maituturing na mapopormalisa ang kaniyang pagiging manunulat ng rehiyon at mismong ang pagiging manunulat nang imbitahan siya ni Deriada na sumama sa makasaysayang writing workshop para sa

mga manunulat ng Kanlurang Visayas na naganap sa labas ng rehiyon na inorganisa nito noon sa National Center sa Mt. Makiling sa Laguna. Sa nasabing workshop, hiniling ni Deriada na magsulat siya sa Hiligaynon. Dito naipanganak ang kaniyang kauna-unahang maikling kuwento na nakasulat na sa kaniyang katutubong wika. Ikaapat, bukod sa pagiging colleague, maituturing din ni Prop. Gonzales na kahit paano ay naging estudyante siya sa panulat ni Deriada. Ang pagiging socially relevant ng kaniyang mga kuwento, lalo na ang tema ng pagiging interpersonal ng mga ito, gayundin ang paghawak niya sa mas eksaktong pagnanaratibo sa mga kuwento ay mga puntong narinig at nasaksihan niya mula kay Deriada mula sa mga pinagsamahan nilang mga writing workshop bilang mga panelista at facilitator at bilang masugid ding mambabasa ng mga akda ni Deriada. Ikalima at huling puntos, para sa kaniya, nagtatagumpay hanggang sa kasalukuyan ang isinulong na literary engineering ni Deriada sa Kanlurang Visayas. Masigla pa rin ang mga pagsusulat ng manunulat ng Kanlurang Visayas gayundin ang kabi-kabilang pag-oorganisa ng mga grupo ng manunulat at publikasyon ng mga akda sa loob at labas ng Kanlurang Visayas. Na kung may puwang man na dapat punan sa kasalukuyan, ito ang pagtataguyod ng critical atmosphere para sa mga akda ng mga manunulat ng Kanlurang Visayas gayundin ang pagkakaroon ng mas marami pang kritiko ng panitikan mula sa naturang rehiyon.

KONGKLUSYON

Ang mga naging estado ng mga manlilikhang nakapanayam sa usapin ng kanilang paglalandas bilang mga manunulat ng bansa at pagtataguyod ng rehiyonal na panitikan sa kasalukuyan ay mga kongkretong ebidensiya ng pagtatagumpay ng mga adbokasiyang isinulong ni Leoncio P. Deriada para sa panitikan ng Kanlurang Visayas at bansa noong ito'y nabubuhay pa. Ang mga kinapanayam ay ilan lamang sa mga naging prominenteng manunulat ng rehiyon at kinikilala rin ngayon sa buong bansa. Ang patuloy nilang paggamit sa multilinggwalismo bilang lehitimong teksto ng isang rehiyonal na akda ay maituturing ding pagpapayabong pa sa ating pambansang wika. Bukod pa rito ang pagtatampok lagi't lagi ng sensibilidad sa buhay at pamumuhay ng mga tagarehiyon (gamit ang katutubong wika bilang tekstong pampanitikan) para pagyamanin pa ang ating

kamalayan bilang mga mamamayan ng bansa. Ang Visayan-laced Filipino at ang pagpapakilala sa mga akda, manunulat, at sa mismong panitikan ng mga Aklanon, Kinaray-a, at Hiligaynon ang mga panandang bato ng literary engineering na ikinasa ni Deriada para sa Kanlurang Visayas na napapakinabangan hanggang ngayon ng pambansang panitikan. Pag-iinhinyero itong nagpamalay sa atin na hindi lamang iisa ang panitikang pambansa. Na marami pala ito. Na lahat ng rehiyon ay sentro nito.

Naging layunin din ng panayam ang pagpapagitaw ng demistipikasyon ng buhay ng isang manunulat at ang pagde-develop ng naratibo ng buhay ni Deriada mula sa pagpapakuwento sa mga kinapanayam na manunulat ng kaniyang mga naging motibo at paniniwala sa mundo ng pag-aakda at pagtutulay sa panitikan ng banwa (rehiyon) at ng bansa. Bilang manunulat, persona, at manggagawang-pangkultura.

Inaasahang maging simula ang pag-aaral na ito sa pagsusulat pa ng mas detalyado pang intellectual biography sa hinaharap ukol kay Leoncio P. Deriada gamit ang pakikipanayam pa sa ilang manunulat ng Kanlurang Visayas na kaniyang tinuruan at naimpluwensiyahan gayundin ang pagsusuri sa kaniyang ilang piling akda.

SANGGUNIAN

- Cruz, Isidoro M. "Ang Rehiyon Bilang Antolohiya: Si Leoncio Deriada at ang Kontemporaneong Literatura ng Kanlurang Bisaya sa Konteksto ng Panitikang Pambansa." *Padayon sa Pagtindog: Mga Piling Papel Hinggil sa mga Wika at Panitikan ng Kabisayaan*, Ed. John Iremil Teodoro. KWF Publikasyon, 2021. Mp. 39–50.
- . *Pungsod: Damming the Nation: Region/Nation and the Global Order in Contemporary West Visayan Literature*. University of San Agustin Publishing House, 2009.
- David, Karl Antonio G. "In Memoriam: Leoncio Deriada." *Manila Bulletin*, 2019.
- Delos Reyes, Joselito D. "Finding Teo: Tula/Talambuhay." University of Santo Tomas Publishing House, 2018.
- Deriada, Dulce V. "Preface." *Ang Kalye nga Wala sing Kamatayon: The Palanca Award-Winning Short Stories of Leoncio P. Deriada*, Ed. Dulce Maria V. Deriada. UP Visayas, 2019.
- Deriada, Leoncio P., ed. *Patubas, An Anthology of West Visayan Poetry: 1986–1994*. NCCA, 1995.
- . *Ang Kalye nga Wala sing Kamatayon: The Palanca Award-Winning Short Stories of Leoncio P. Deriada*, Ed. Dulce Maria V. Deriada. UP Visayas, 2019.
- . *Hiligaynon Literature*. NCCA <<http://www.ncca.gov.ph>>
- . "Pag-ulikid sa Kasaysayan sa Literatura ng Bisayang Nakatundan." *Padayon sa Pagtindog: Mga Piling Papel Hinggil sa mga Wika at Panitikan ng Kabisayaan*, Ed. John Iremil Teodoro. KWF Publikasyon, 2021. Mp. 15–18.
- . "Literature Engineering in West Visayas." *Kritika Kultura*. Web. 1 August 2011. <http://www.ateneo.edu/kritikakultura>
- De Ungria, Ricardo M. "I went to Silliman a full-blown writer: Interview with Leoncio P. Deriada." *Kinaadman*, 2018, mp. 33–104.
- Felicilda, Joshua Mariz B. at Feorillo Petronilo A. Demeterio, III. "Ang Bulwagang San La Salle: Pakikipanayam sa Apat na Dalubhasa nitong Sentenaryo ng Paglatag ng Cornerstone ng Nasabing Pamanang Estruktura ng Pamantasang De La Salle Maynila." *Malay*, tomo 32, 2020, mp. 82–99.
- Gonzales, Alice Tan. "Ugsad ng Literatura sa Bisayang Nakatundan: Reaksyon sa Papel ni Leoncio P. Deriada." *Padayon sa Pagtindog: Mga Piling Papel Hinggil sa mga Wika at Panitikan ng Kabisayaan*, Ed. John Iremil Teodoro. KWF Publikasyon, 2021. Mp. 19–22.
- Lumbera, Bienvenido L. *Revaluation 1997: Essays on Philippine Literature, Cinema, and Popular Culture*. University of Santo Tomas Publishing House, 1997.
- . "Harnessing Regional Literature for National Literature." *Writing the Nation/Pag-akda ng Bansa*. University of the Philippines Press, 2000.
- . "Panitikang Panrehiyon, Panitikang Pambansa: Magkabukod at Magkarugtong." *Writing the Nation/Pag-akda ng Bansa*. University of the Philippines Press, 2000.
- Teodoro, John I. *Padáyon sa Pagtindog: Mga Piling Papel Hinggil sa mga Wika at Panitikan ng Kabisayaan*. KWF Publikasyon, 2021.
- . "Hala Bira! Ang Panahong Post-Deriada (Sana) Huling Hirit (Na) sa Gasgas na Tema ng Kanlurang Bisaya at ang Pagbuo ng Literaturang Pambansa." *Padayon sa Pagtindog: Mga Piling Papel Hinggil sa mga Wika at Panitikan ng Kabisayaan*, Ed. John Iremil Teodoro KWF Publikasyon, 2021. Mp. 23–33.
- Veric, Charlie S. "Introduction." *Children of the Postcolony*. Ateneo De Manila University Press, 2020.

Mga Panayam

Cruz, Isidoro M. Interview. Conducted by Ferdinand P. Jarin.
April 19, 2022.

Deriada, Dulce Maria V. Interview. Conducted by Ferdinand
P. Jarin. April 26, 2022

Gonzales, Alice T. Interview. Conducted by Ferdinand P.
Jarin. June 7, 2022

Teodoro, John Iremil. Interview. Conducted by Ferdinand
P. Jarin. May 3, 2022